PANGUNAHING PROPETA
(MAJOR PROPHETS)

TMBC Course #6

Leader's Guide

Mahal na Lider sa Pag-aaral ng Biblia,

“Naniniwala ka ba sa mga propeta?” Ito ang itinanong ni Jesus at ni apostol Pablo.

Sa mga susunod na 13 linggo, maglalakbay tayo sa espirituwal, sama-sama tayong mag-aaral sa unang 5 aklat ng mga propeta o Major Prophets: Isaias, Jeremias, Mga Panaghoy, Ezekiel at Daniel. Karamihan sa mga Kristiyano ngayon ay kakaunti ang alam sa mga propeta sa Lumang Tipan, bagama’t ito ang pinaka malaking bahagi sa Biblia, na may kabuuan na 17 aklat ng mga propeta. Gayun pa man, matutuklasan natin na napakarami nilang nais sabihin sa atin ngayon. Nangaral, nagbabala sila sa darating na paghahatol at propesiya sa darating na Mesiyas at Kanyang Kaharian. Nagsasabi sila, bilang mga dakilang mangangaral, ng mga mangyayari sa hinaharap, sila ay nagmimistulang mga “spiritual weathermen.”

Mayroon kang malaking responsibilidad na pangunahan ang mga mag-aaral ng Biblia na kasama mo sa paglago sa relasyon kay Jesu-Cristo, ang Mesiyas. Nais kong magbigay ng mga salita upang palakasin ang iyong loob tulad ng mga salita ni apostol Pablo kay Timoteo, ang kanyang anak sa pananampalataya: “Kaya nga, anak ko, magpakatatag ka sa tulong ni Cristo Jesus. Ang mga narinig mo sa akin sa harap ng maraming saksi ay ituro mo rin sa mga taong mapagkakatiwalaan at may kakayahang magturo naman sa iba. Makibahagi ka sa hirap tulad ng isang mabuting kawal ni Cristo Jesus” (2 Timoteo 2:1-3).

Kilalanin mo ang mga propeta. Matututo tayo sa bawat isa sa kanila. Basahin ang mga aklat na ito ng mga propeta at gamitin bilang mga debosyonal na aklat. Alalahanin mo, habang itinuturo natin ang aralin na ito nais kong itanong mo sa iyong sarili at sa iyong grupo ang mga sumusunod na katanungan:

- Ano ang sinasabi ng Salita ng Diyos?
- Ano ang ibig sabihin ng talatang ito? At pagkatapos ang pinakamahalaga sa lahat:
- Ano ang ibig sabihin nito sa akin? Paano ko maisasapamuhay ang walang hanggang prinsipyo ng Diyos ngayon? At ano ang ibig sabihin nito sa mga pinangungunahan ko?

Mahirap maunawaan ang mga aklat na ito. Ang panalangin ko at iyong panalangin din na mangusap ang Diyos sa iyong puso, at kung maalala mo ang mga katanungan na ito at hanapin ang mga kasagutan, kung magkagayon ang kursong ito ay tunay na magiging mabunga at pakinabang sa iyong buhay at sa buhay ng mga taong pinangungunahan mo sa pag-aaral na ito. Naniniwala ako at panalangin ko na habang pinag-aaralan natin ang mga aklat na ito na tinatawag nating Major na Propeta, lalago ka sa iyong kaalaman sa biyaya at awa ng Diyos at sa iyong relasyon sa Kanyang Anak na si Cristo Jesus.

Magbigay ng ilang minuto na basahin ang panimula. Ang mga kaisipan at ideya sa bahaging ito ay makakatulong sa iyo upang maging mabisa ang iyong pag-aaral at pamumuno. Isang kaisipan ang matutunan mo mula sa panimula ay inilagay ng Diyos ang mga propeta noong may problema na humahadlang sa paglago ng gawain ng Diyos. Laging itanong: anong problema ang tinatalakay ng propeta na humahadlang sa gawain ng Diyos?

Dalanging ko ang napakayamang pagpapala ng Panginoon sa iyo at sa iyong ministeryo at ang iyong magiging karanasan sa pag-aaral na ito ay tuloy-tuloy na makakatulong sa iyo sa iyong paglalakbay at paglago sa pananampalataya habang ikaw ay lumalago sa iyong buhay espirituwal at pangunguna sa iba sa kanilang paglalakbay sa espirituwal.

Dick Woodward
Pastor and author of the Mini-Bible College

Pamumuno sa Grupo sa Pag-aaral ng Biblia

Inihanda nang Mini Bible College ang debosyonal at praktikal na pagmamasid sa pangunahing aklat ng Biblia. Ang iyong papel bilang guro ay akayin ang grupo sa mga sesyon ng pag-aaral at pagsasanay, upang tulungan silang maunawaan ang mga konsepto, madiskubre ang mga walang hanggang prinsipyo at ang pinaka-mahalaga sa lahat ay maisa-pamuhay nila ito. Ang pag-aaral na ito ay aabot ng apat na buwan at dinisenyo ito na hindi lamang isang kurso. Ang pag-aaral na ito ay bahagi ng stratehiyang plano upang mabigyan ka ng mga kagamitan upang palusugin at palaguin ang iyong iglesia ng espirituwal at sa bilang.

Upang matulungan ka binigyan ka namin ng mga magagamit mo:

- Ang Leader's Guide
- Ang Target Media Approach (TMA) manual
- Report Forms
- Audio of Genesis and Exodus
- A study booklet on Genesis and Exodus
- A Set of 10 workbooks

Ang Leader's Guide ay dinisenyo upang bigyan ka ng kakayahan na gawin ang trabaho.

PAGPAPANIMULA

Bago ang Klase

- "'Pumunta kayo sa mga lansangang matao at inyong anyayahan sa kasalan ang lahat ng makita ninyo.' Pumunta nga sa mga pangunahing lansangan ang mga lingkod at isinama nila ang lahat ng kanilang natagpuan, masasama't mabubuti, at napuno ng mga panauhin ang bulwagang pangkasalan.'" (Mateo 22:9-10). Simulan ngayon na mag-imbita ng mga tao sa piging espiritual.

- Ihanda ang sarili sa panalangin para sa mga darating na tao. Kung posible, ipanalangin sila sa kanilang pangalan. Ang Diyos lamang ang makapagbabago ng kanilang puso at ang panalangin ay makapangyarihang gamit para dito. "Isinalaysay ni Jesus ang isang talinhaga upang ituro sa kanila na dapat silang laging manalangin at huwag mawalan ng pag-asa" (Lucas 18:1).

- Humingi ng tulong. Huwag mong sikaping gawin ang lahat. Hingin ang tulong ng isa o dalawa para sa musika, awit, pagbati, at taga-pagtala para sa klase.

- Suriin ang aralin at unawain ang layunin ng aralin.

- Alaming mabuti ang bawat aralin; pakinggan, basahin at pag-aralan ang bawat aralin at isaulo ang talata sa Biblia bago magsimula ang klase.

- Siguruhin ang mga aralin ay laging handa para sa klase.

- Siguraduhing ang lugar na pagdarausan ay sapat sa bilang ng mga tao at komportable para sa grupo.
-

Habang sa Klase

- Batiin ang bawat dumarating. (Tandaan na mabuting laging masaya ang tumatanggap ng mga

dumarating? Palawigin ang pagtanggap ng Diyos sa lahat.) Mahalaga na magkaroon ng isang taga-pagbati.

- Ipakilala ang mga dumadalo sa bawa't isa kung hindi pa magkakakilala.
- Magsimula sa pagsamba at panalangin, hingin sa Diyos na tulungan ka at ang bawat isa na maunawaan at isa-pamuhay ang aralin.
- Makinig sa audio lesson.
- Gamitin ang workbook, mag-anyaya ng talakayan na may kaugnayan sa pamumuhay. Naniniwala kami na ang mga katanungan ay maglalagay ng masiglang talakayan at pag-unawa na magdudulot nang tamang pamumuhay.

- Kung masyadong malaki ang grupo hatiin sa maliliit na grupo. Tig-tatlo o tig-lima sa bawat grupo upang makahikayat ng talakayan. Siguraduhin na babantayan mo ang oras at ingatan na ang pag-uusap ay hindi lumalayo sa aralin at pag-aaral ng Salita ng Diyos.
- Pasalamatan ang lahat sa kanilang pagdating at hikayating maging tapat sa pagdalo.
- Himukin ang bawat estudyante na mag-imbita ng ibang tao na sumali sa pag-aaral ng Biblia.
- Hikayatin ang mga estudyante na isaulo ang mga talata sa mga aralin sa bawat linggo.

Pagkatapos ng Klase

- Lipulin ang mga materyales para sa aralin.
- Ibalik ang silid sa dating kaayusan. Mas maayos pa kaysa bago pa kayo nagsimula.
- Itala sa talaan ang report.
- Kung nagpulong kayo sa ibang bahay, siguruhing mapasalamatan ang may bahay sa kanilang pag-tanggap sa inyo.

Espesyal na tagubilin sa Pagtuturo sa mga Natututo sa Pandinig lamang

Napakahalaga na alalahanin na ang mga hindi makabasa at makapagsulat ay natututo at napapanatili nila ang mga impormasyon kakaiba sa mga marurunong. Ang mga nag-aaral sa pamamagitan ng pakikinig ay natututo sa pamamagitan ng pakikinig at pagsasalita ng kanilang narinig.

Ang di-marunong magbasa at magsulat ay hindi hadlang sa panahon ni Jesus. Makakatulong na alalahanin at sabihin sa klase na halos ang mga disipulos at karamihan ng mga taong nagpapalaganap ng Ebanghelyo ay di-marunong magbasa at magsulat.

Sa maraming kapamaraanan, ang mga nag-aaral na gumagamit ng pandinig ay may kakayahan na matuto sa kanilang narinig higit doon sa mga nagsusulat upang maalala ang pinag-aralan. Kaya nga dapat hayaan ang mga estudyante na marinig ang Banal na Kasulatan at ang aralin, itigil ang mensahe at balikan ang bahagi na hindi pa naintindihan, at pagkatapos hayaan silang tumugon sa mga katanungan.

Kapag ang mga nag-aaral na gumagamit lang ng kanilang pandinig ay "kayang balikan ang kuwento" – gamit ang sariling salita upang sabihin ang kanilang narinig at natutunan – ay nagsasabi na kanilang nakuha ng mabuti ang prinsipyo. Samakatuwid, gamitin ang mga katanungan sa aralin upang gabayan sila sa mas-malalim na pang-unawa sa Salita ng Diyos at tumibay ang relasyon sa Kanyang Anak, Jesus na siyang Cristo.

Katangian ng Isang Propeta

Kabanata 1
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 61

Layunin: Upang ipakilala ang tungkulin ng mga propeta sa Matandang Tipan at ano ang ginampanan nila sa nalalabing bahagi ng mga Kasulatan.

Tunay na ang Panginoong Yahweh ay di kumikilos, kung hindi pa ipinababatid sa mga lingkod niyang propeta.

—Amos 3:7

Higit sa lahat, unawain ninyong walang makakapagpaliwanag ng alinmang propesiya sa Kasulatan sa sariling kakayahan, sapagkat ang pahayag ng mga propeta ay hindi nagmula sa kalooban lamang ng tao; ito'y galing sa Diyos at ipinahayag ng mga taong nasa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.
—2 Pedro 1:20-21

Ang Israel at Judah ay may maraming mga propeta ngunit labing-anim lang ang sumulat ng libro. Mula sa pananaw ng Bagong Tipan ang mga aklat na ito ng mga propeta ay ibinibilang na pinaka-diwa ng Lumang Tipan. Ipinapahayag ang puso ng Diyos sa Kanyang mga tao.

Sino ang mga propetang ito? Sila ay mga kalalakihan na may iba't-ibang mga karanasan na tinawag ng Diyos na maging taga-pagsalita niya—karaniwan ay upang ituwid ang bayan ng mga saserdote at mga mamamayan na tumaliwas nang landas. Lahat ng mg propetang sumulat ng mga aklat ay nabuhay sa loob ng 400 taon, mula 800 hanggan 400 BC. Madalas sila ay nakaranas ng pangungutya, panlilibak, at pag-uusig dahil sila ay nangaral ng mensahe na kakaunti ang nais makarinig. Noong tinanggihan ang kanilang mensahe, nagbigay sila ng babala sa paghatol ng Diyos sa bayan. Ang mensahe ng karamihan ng mga propeta, ang paghatol na iyon ay darating sa pamamagitan ng pagkabilanggo ng mga tao ng Diyos. Sasakupin ng Asiria ang hilagang kaharian ng Israel, at sasakupin naman ng Babilonia ang kaharian sa timog ng bansang Judah. Sa lahat ng kanilang mga babala, laging mayroong mensahe ng pag-asa. Laging sinasabi ng Diyos sa kanila na papanumbalikan lagi niya ang Kanyang bayan kung sila ay tatalikod sa kanilang mga kasalanan. Nangaral ang mga propeta sa pinakamadilim na panahon ng Kanyang bayan, gayun pa man, ang pinaka dakilang mensahe ng pag-asa ay nanggaling mula sa propesiya ng pagdating ng Mesiyas.

1. Tama o Mali? Mayroong dalawang pinaka-diwang bahagi ang Lumang Tipan: ang Kautusan at ang mga Propeta.

2. Tama o Mali? Ang lahat ng mga propeta sa Lumang Tipan ay sumulat ng mga aklat.

3. Tama o Mali? Karamihan ng mga propeta ay mga saserdote din.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Sino ang maaaring maging propeta?
    a. Kahit sino na ipinanganak sa pamilya ng mga propeta
    b. Lahat ng mga sinanay sa maraming panahon sa sining ng mga propeta
    c. Ang mga saserdote lamang
    d. Sinumang pinili ng Diyos

5. Bakti kailangan ang mga propeta?
    a. Nais ng Diyos na malaman ng bawat isa ang kanilang hinaharap, kaya Kanyang pinili ang mga propeta upang maging manghuhula.
    b. Ang bayan—pati mga saserdote—ay naging tiwali at sumuway sa Diyos.
    c. Ayaw ng Diyos na direktang makipag-ugnay sa Kanyang bayan, kaya nga inilagay ang mga banal na taong kumatawan sa Kanya.
    d. Natutunan ng mga tao ang kautusan ng Diyos at kanilang sinunod na mabuti ito ngunit mayroon pang nais sabihin ang Diyos sa kanila.

6. Gaano katagal nanatili ang panahon ng mga propeta?
    a. Higit kumulang sa 400 taon
    b. Kulang sa 50 taon
    c. Hindi bababa sa 1,000 taon
    d. Apat na linggo sa loob ng 787 B.C.

7. Ano ang pangunahing pagkatawag sa mga propeta? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Hulaan ang hinaharap
    b. Maging tagapagsalita ng Diyos
    c. Pangaralan ang bayan ng Diyos na sundin at gamitin ang Salita ng Diyos sa kanilang buhay.
    d. Ayusin ang prayoridad na maging lapat sa prayoridad ng Diyos
    e. Bigyan ng pag-asa ang bawat isa at gawin masaya ang kanilang pakiramdam

8. Ano ang pangunahing relasyon ng ministeryo ng mga propeta sa kasaysayan?
    a. Ang huling panahon
    b. Paghatol ng Diyos sa pamamagitan ng pananakop at pagkabilanggo
    c. Ang Exodo at Lupang Pangako
    d. Lindol at taggutom

9. Ano ang karaniwang nagiging dulot kapag nangaral ang mga propeta ng mensahe ng pagsisisi at pagbabalik-buhay?
    a. Bawat isa na nakarinig sa kanila ay nagsisi at pinanumbalik.
    b. Nabago ang takbo ng bayan sa mas magandang bagay.
    c. Naparangalan ang mga propeta dahil sa kanilang katapatan.
    d. Ang kanilang mensahe ay di-pinansin at tinanggihan at madalas ay inuusig.

10. Ano ang karaniwang problema ang tinatalakay ng mga propeta?
    a. Kawalang ng hustisya sa lipunan
    b. Pagkagalit
    c. Pagsamba sa diyos-diyosan
    d. Pagseselos

11. Anong mga solusyon ang ipinangako ng mga propeta? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ibabalik sila ng Diyos sa kanilang bayan.
    b. Sakahuli-hulihan palalayain sila ng Diyos sa pamamagitan ng isang Tagapagligtas.
    c. Magiging epektibo ang kanilang kaparusahan na hindi na sila magkakasalang muli.
    d. Sa wakas parurusahan ng Diyos ang kanilang mga kaaway.

12. Ano ang mga tungkulin ng mga propeta?
    a. Para sabihin ang kalooban ng Diyos sa pangkasalukuyan
    b. Para ipaliwanag ang detalye ng Kautusan
    c. Para sabihin ang plano ng Diyos sa darating na panahon
    d. Para ingatan ang mga Israelita mula sa kanilang mga kaaway
    e. Para sumigaw laban sa mga hadlang sa kalooban ng Diyos
    f. Para tulungan ang mga tao na makayanan ang kahirapan

13. Anong tipo ng kasulatan ang pinakamaraming lugar sa Biblia?
    a. Kautusan
    b. Mga Liham
    c. Mga propeta
    d. Kasaysayan

14. Paano naa-angkop ang mga aklat ng mga propeta sa kasaysayan ng Lumang Tipan?
    a. Ipinapaliwanag ang mga pundasyon at simula ng Israel.
    b. Naisulat sila sa “gintong panahon” ng mga Israelita.
    c. Sinasabi nila ang bumagsak na kaharian ng Israel at Judah.
    d. Ang pinaka layunin nila ay walang kaugnayan sa Lumang Tipan kundi ito ay tumutukoy sa panahon ng Bagong Tipan.

Mayroong bang mga hadlang sa mga bagay na nais ipagawa ng Diyos sa iyo? Kung mayroon, ano ang mga ito? Kung hindi mo alam, manalangin at hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga ito at tulungan ka upang harapin ang mga ito.

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na nangugusap Siya sa Kanyang mga tao—at tayo ay itinutuwid Niya kapag kailangan natin. Manalangin na maging sensitibo ka sa Kanyang tinig. Hingin sa Kanya na alisin ang mga hadlang o problema upang hindi mo magawa ang gawain ang Diyos sa iyong buhay. Sabihin sa Diyos na bigyan ka ng pagkakataon at lakas ng loob na sabihin ang Kanyang kalooban sa Kanyang bayan.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Dahil ang Banal na Espiritu ang sumulat ng Biblia na nagpapakita sa atin na ang malaking bahagi ng mga paksa sa Biblia ay naisulat ng mga propeta, ano ang sinasabi sa atin ng Diyos kung bakit nagugol ang malaking bahagi ng Kasulatan sa mga sinulat ng mga propeta?

2. Bakit ang mga propeta ay hindi gaanong binabasa at hindi gaanong naintindihan ng mga tao ng Diyos ngayon?

3. Ano ang kahulugan ng propeta?

4. Ano ang tungkulin at gawain ng isang propeta?

5. Ano ang pinaka mahalagang mensahe ng mga propeta?

6. Anong uri ng tao ang mga tinawag na propeta?

7. Paano pinakitunguhan ang mga propeta noong pinangaral nila ang mensahe na ibinigay ng Diyos sa kanila?

Ang Pagtawag at Pagsugo Kay Isaias

Kabanata 2
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 62

Layunin: Upang ipakilala ang buhay at ministeryo ni propeta Isaias.

"At narinig ko ang tinig ni Yahweh na nagsasabi, "Sino ang aking ipadadala? Sino ang magpapahayag para sa atin?" Sumagot ako, "Narito po ako; ako ang inyong isugo!"
—Isaias 6:8

Ang aklat ng Isaias ay ang pinaka-mahabang aklat ng mga propeta sa Biblia at pinaka-maraming sipi (quoted) sa Bagong Tipan at nagbibigay ng mas maraming propesiya sa pagdating ng Mesiyas kaysa sa ibang mga propeta. Nag-ministeryo si Isaias sa iba't-ibang mga hari at maaaring malayong kamag-anak niya ang ibang mga hari. Nabuhay siya sa panahon ng mga Asiria, na sumakop na sa hilagang sampung tribo, na siyang namumuno at makapangyarihan sa buong mundo. Nagbigay siya ng propesiya sa pagsakop at pagbabalik ng kaharian sa timog ng Babilonya.

Dakilang propeta si Isaias na naglingkod sa loob ng animnapung taon. Ibinigay niya sa atin ang pinaka-huwaran sa Biblia tungkol sa ministeryo ng propeta. Hinulaan niya ang pagkabihag ng bayan ng Diyos at samantalang nasa Babilonya sila, sasakupin ng Persia ang Babilonya at ang hari ng Persia na ang pangalan ay Cyrus ay magpapalaya sa mga nabihag at pababalikin sila sa kanilang lupain upang gawin muli ang templo. Ang kanyang propesiya ay nangyaring eksakto ayon sa kanyang sinabi.

Ang 66 na kabanata sa Isaias ay nahahati sa dalawang mahahalagang bahagi: ang unang 39 na babala sa paghatol at ang huling bahagi ay 27 na nagdadala ng mensahe ng kagalingan at aliw—tulad nang Biblia mismo na nahahati sa 39 aklat sa Lumang Tipan at 27 aklat sa Bagong Tipan. Tulad ng Biblia na isang buo, ang dalawang bahagi sa Isaias ay nagbibigay sa atin ng pangangailangan natin sa isang Tagapagligtas at ipinakikilala sa atin ang Tagapaligtas na darating. Sinasabi ng kabanatang 49-57 ang parating na Mesiyas bilang Tagapagligtas at sinasabi ng kabanatang 58-66 ang pangalawang pagdating ni Cristo bilang Hari. Ilan sa mga paboritong kabanata ay ang 5, 6, 11, 40, 53, 55, at 61.

1. Tama o Mali? Si Isaias ay isa sa mga hindi gaanong mahalagang mga propeta sa Lumang Tipan.

2. Tama o Mali? Laging nag-propropesiya si Isaias tungkol sa pagdating ni Jesus.

3. Tama o Mali? Ang pinaka-masamang kaaway ng Israel ay Asiria, sila rin ang kalaban ng kaharian sa timog.

4. Tama o Mali? Nangyari na lahat ng mga propesiya ni Isaias at hindi na natin kailangan ang mga ito ngayon.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Ano ang mensaheng sinabi ng Diyos kay Isaias na ibinigay kay Haring Ezequias noong ang hari ay nag-aalala sa pananalakay ng Asiria?
    a. Sumuko.
    b. Gumawa ng pakikipag-kasundo sa Asiria.
    c. Hingin ang tulong ng mga taga-Ehipto upang labanan ang mga Asiria.
    d. “Iingatan ka ng Diyos at tatalunin Niya ang mga Asiria.

6. Gaano katagal naging propeta si Isaias?
    a. Higit kumulang sa 60 taon
    b. Sampung taon
    c. Sampung buwan
    d. Sa panahon lamang ng paglusob ng Asiria

7. Sino ang hari ng Persia na hinulaan ni Isaias na uupo sa trono bago pa ito naging hari?
    a. Ezra
    b. Ciro (Cyrus)
    c. Nabucodonosor
    d. Daniel

8. Bakit ang aklat ng Isaias kung minsan ay tinatawag na “maliit na Biblia?” *(piliin lahat ng akma)*
    a. Mayroon itong 66 na kabanata at ang Biblia ay may 66 na aklat.
    b. Ang unang bahagi ay tungkol sa pangangailangan sa isang Tagapagligtas at ang ikalawang bahagi ay hinulaan ang magandang balita ng kaligtasan sa pamamagitan ni Cristo.

c. Maliit at mababa kaysa ibang mga aklat sa Biblia.
d. Nagsulat ng maliit na balumbon kaysa ibang mga propeta si Isaias.
e. Hinulaan ang muling pagdating ni Jesus sa huling panahon.

9. Ano ang karanasang nagpabago sa buhay ni Isaias?
   a. Nakita niya ang pagkamatay ni Haring Uzziah.
   b. Nabihag siya ng Babilonya.
   c. Nakita niya ang Diyos na nakaupo sa Kanyang templo.
   d. Nagkaroon siya ng trabaho sa palasyo ng hari.

10. Ano ang naging tugon ni Isaias noong makita niya ang Diyos?
   a. Nakita niya gaano siya ka-makasalanang at tumugon siya sa tawag ng Diyos.
   b. Tumakbo siya dahil sa takot.
   c. Tumanggi siya sa misyon ng Diyos.
   d. Umayon lamang siya na mag-propesiya kung gagawin ng Diyos na makikinig ang Judah sa kanyang propesiya.

11. Ano ang higit na kailangan ng Diyos kay Isaias?
   a. Mabunga
   b. Katapatan
   c. Tagumpay sa militar
   d. Kamatayan ng martir

12. Ano ang inilalarawan ng buhay ni Isaias para sa atin? *(piliin lahat ng akma)*
   a. Pagpapakumbaba
   b. Pagsunod sa Diyos
   c. Katapatan sa tawag ng Diyos
   d. Matagumpay na buhay

Tinawag ka ba ng Diyos? Ipinahayag mo na ba sa kanya ang iyong kasalanan? Isipin mo ang panahon kung kailan parang walang bunga ang iyong trabaho. Sa anong paraan pina-lalakas ni Isaias ang iyong loob sa pamamagitan ng kanyang pagkatao ng ministeryo? Ano ang masasabi ng Diyos tungkol sa iyong responsibilidad sa pagsunod at katapatan?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na ipinakita Niya ang ating mga kasalanan at ang Tagapagligtas na ibinigay sa atin. Hingin sa Kanya na tulungan kang maging tapat sa Kanyang kalooban. Kung nais mo, sabihin sa Kanya na magiging masunurin at tapat ka na maglilingkod sa Kanya saan ka man ipadala.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Gawin mo ang unang walong talata sa kabanatang anim ng Isaias upang ilarawan ang kanyang pagbabago o ang kanyang pagkatawag bilang propeta?

2. Bakit marami sa mga espirituwal na lider tulad ni Isaias ay may malalim, di pangkaraniwang espirtuwal na karanasan?

3. Paano naiayos ang aklat ng Isaias na magkatugma sa pagkaayos ng mga aklat sa Biblia?

4. Bakit itinuring ng marami na si Isaias ay ang “Prinsipe ng mga Propeta?”

5. Magbigay ng di kukulang sa apat na paraan kung saan nalampasan ni Isaias ang ibang mga propeta na sumulat ng mga aklat ng propesiya?

6. Ano ang pagkakaiba ng major at minoryang Propeta?

7. Ilarawan ang naging malaking bahagi na naibigay ni Isaias sa kasaysayan ng Hebreo at ng sinaunang kasaysayan ng mundo.

Ang Manipesto ng Mesiyas

Kabanata 3
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 63

Layunin: Upang maunawaan ang propesiya ni Isaias sa Mesiyas.

Tayong lahat ay tulad ng mga tupang naliligaw; nagkanya-kanya tayo ng lakad. Ngunit ipinataw ni Yahweh sa kanya ang kaparusahang tayo ang dapat tumanggap.

—Isaias 53:6

Hanapin mo si Yahweh habang siya'y matatagpuan, manalangin ka sa kanya habang siya'y malapit pa. Dapat nang talikuran ang mga gawain ng taong masama, at dapat magbago ng pag-iisip ang taong liko. Sila'y dapat manumbalik, at lumapit kay Yahweh upang kahabagan; at mula sa Diyos, makakamit nila ang kapatawaran. Ang sabi ni Yahweh, "Ang aking kaisipa'y hindi ninyo kaisipan, ang inyong kaparaanan ay hindi ko kaparaanan. Kung paanong ang langit ay mas mataas kaysa lupa, ang aking kaparaanan ay higit kaysa inyong kaparaanan, at ang aking kaisipan ay hindi maaabot ng inyong kaisipan."

—Isaias 55:6-9

Higit na marami ang propesiya ni Isaias sa Mesiyas kumpara sa ibang aklat nang panitikan sa propesiya. Niliwanag ni Isaias na ang Mesiyas ay Diyos na nagkatawang tao, sinabi rin niya na ang diwa ng Espiritu na ipapahayag sa pamamagitan ng Mesiyas. Si Jesus ang ganap na kapahayagan ng Espiritu ng Diyos. Ang buhay Niya ang huwaran nating lahat kung paano tayo mabuhay.

Nagbigay ng propesiya si Isaias kung saan sinabi niya na kailangan ng Diyos ang "highway" (malaking daan) kung saan Siya ay maglalakbay sa mundong ito (40:3-5). Ang daan na iyon ay walang iba kundi ang buhay ng Kanyang Anak. Tulad ng paggawa ng tunay na daan, ito ay nangangailangan ng pagpapatag ng bundok, tambakan ang lambak, pagtutuwid ng mga liko-likong lugar, pag-aayos ng magaspang na lugar, papatagin ng Anak ang gabundok nating pagmamalaki, pupunuin ang buhay natin na walang laman, itutuwid ang mga makasalanang gawi natin, aayusin ang mga magagaspang nating buhay. Kapag mayroong ganoong daan na lalakaran sa buhay natin, makikita ng iba ang kaligtasan at kaluwalhatian ng Diyos.

Noong ipinaliwanag ni Jesus ang kanyang mga ministeryo, nagsipi siya mula sa aklat ng Isaias. Nagdala siya ng magandang balita sa mga nagdurusa, kagalingan sa mga basag na puso, nagpahayag ng kalayaan sa mga bilanggo, at idineklara na ang oras ng pagtulong ng Panginoon ay dumating na.

1. Tama o Mali? Nagsalita si Isaias patungkol sa pagkain dahil nag-aalala siya sa kinakain ng kanyang kapwa mga Hudyo.

2. Tama o Mali? Laging natutupad ang Salita ng Diyos ayon sa sinabi ng Diyos na matutupad.

3. Tama o Mali? Tunay na nangaral lamang si Isaias ng kanyang sariling opinyon, di na mahalaga kung nangusap sa kanya ang Diyos.

4. Tama o Mali? Maraming pagkaka-parepareho kung paano nangaral si Isaias at si Jesus.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Alin sa mga sumusunod ang pinaka-tema ng pangangaral ni Isaias? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Jesus na siyang Cristo
    b. Kalakalan
    c. Pagsasaka
    d. Kasalanan
    e. Pagsisisi
    f. Tamang rituwales
    g. Kapatawaran at panunumbalik loob
    h. Pagsamba
    i. Pagtakwil sa sarili

6. Ano ang pagkakaiba ng kaalaman at karunungan?
    a. Ang kaalaman ay praktikal; ang karunungan ay teoretikal.
    b. Ang kaalaman ay ginagawa tayong maka-diyos; ang karunungan ay ginagawa tayong matalino.
    c. Ang kaalaman ay pagkatuto sa katotohanan; ang karunungan ay kaalaman kung paano gagamitin ang katotohanan.
    d. Walang pagkakaiba; pareho ang kahulugan nila.

7. Anong larawan ang ginamit ni Isaias upang ipakita na darating sa mundo ang Diyos?
    a. Mga hukay ng balon
    b. Paghahanda sa pangunahing pampublikong daan
    c. Paggawa ng tulay
    d. Pag-akyat sa bundok

8. Sa paanong paraan nais ng Diyos na gamitin ang ating buhay bilang isang "magandang daan?" *(piliin lahat ng akma)*
    a. Nais ng Diyos na dalhin ang Kanyang mensahe sa buong mundo sa pamamagitan ng buhay natin.
    b. Nais Niyang patagin ang bundok ng pagmamalaki sa buhay natin.
    c. Mapunan ang lambak at walang laman sa buhay natin ng Kanyang kasapatan.
    d. Nais niyang ituwid ang mga liko-liko at makasalanang daan sa buhay natin.
    e. Nais niyang kinisin ang mga magagaspang na bahagi ng buhay natin.

9. Basahin ang Isaias 61:1-2. Alin sa mga sumusunod ang sinabi ni Isaias na gagawin ng Mesiyas? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ibagsak ang gobyerno ng Romano
    b. Ipahayag ang kalayaan ng mga bihag
    c. Magsimula ng bagong relihiyon
    d. Magbigay ng mas magandang pabahay
    e. Idiklara ang pagtulong ng Panginoon
    f. Pagalingin ang basag na puso
    g. Ipangaral ang mabuting balita

> *Ang Espiritu ng Panginoong Yahweh ay sumasaakin sapagkat ako'y kanyang hinirang; sinugo niya ako upang dalhin ang Magandang Balita sa mga inaapi, upang pagalingin ang mga sugatang puso, upang ipahayag sa mga bihag at sa mga bilanggo na sila'y lalaya. Sinugo niya ako upang ipahayag na darating na ang panahon ng pagliligtas ni Yahweh; at paghihiganti ng Diyos laban sa kanyang mga kaaway; sinugo niya ako upang aliwin ang mga nagluluksa.*
> —Isaias 61:1-2

10. Paano magagamit ang "manipesto" ng Mesiyas sa mga Kristiyano?
    a. Pinapatunayan lamang nito na si Jesus ay Tagapagligtas.
    b. Ipinapakita sa atin kung ano ang nais ni Jesus na gawin kung nabuhay Siya ng matagal.
    c. Ipinapakita sa atin ano ang dapat nating hilingin sa mga lider sa pulitiko.
    d. Naglalarawan ito kung ano ang dapat nating gawin dahil tayo ay dapat maging katulad ni Jesus.

11. Paano natin gagawin ang gawain kung saan tayo tinawag ni Jesus?
    a. Sa pamamagitan lamang ng kapangyarihan ng Kanyang Espiritu
    b. Sa pagiging perpekto at walang bahid kasalanan tulad Niya
    c. Sa pamamagitan ng mga tamang salita na dapat sabihin sa panalangin
    d. Hindi natin kayang gawing ang gawain Niya sapagkat hindi tayo katulad Niya na Diyos.

12. Kung naranasan natin ang kaligtasan, anong ministeyo ang nais ni Jesus na gawin sa pamamagitan natin? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Magdala ng espirituwal na kaliwanagan sa mga bulag sa espirituwal.
    b. Palayain ang mga bihag sa espirituwal
    c. Gawing masagana ang mga mahihirap
    d. Dalhin ang pag-papagaling ng Diyos sa mga basag ang puso at sugatan.

Kung ninais ng Diyos na gumawa ng malaking daan sa iyong buhay, anong bundok ang Kanyang papatagin? Anong lambak ang Kanyang tatambakan? Anong liko-

likong lugar ang Kanyang itutuwid, at anong magagaspang na bahagi ang Kanyang pakikinisin?

_____

_____

_____

Kung ikaw ay nasasaktan, basag ang puso, bulag sa espirituwal, bilanggo, pasalamatan ang Diyos sapagkat ang ministeryo ng Mesiyas ay para sa iyo, at hingin sa Diyos na palayain ka, pagalingin at aliwin ka. Manalangin din na tulungan ka na maging malaking daan kung saan Siya ay makakapaglakbay sa mundo upang sa ganon Siya ay makikita ng mga tao sa pamamagitan mo.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Bilang karagdagan sa literal na pagpapagaling ng mga bulag, paano bibigyan ng paningin ng Mesiyas ang mga bulag?

2. Paano Niya palalayain ang mga nabihag?

3. Paano pagagalingin ng Mesiyas ang mga basag na puso?

4. Dahil sa ang pinaka-dinamikong katotohanan sa Bagong Tipan ay si Cristo na Mesiyas ay nakatira sa atin at sa pamamagitan natin ngayon at literal na tayo ang Kanyang Katawan, sa anong paraan nais Niyang gawin ang mga bagay na yaon sa atin at sa pamamagitan natin.

5. Ang pinaka-dakilang propeta at pinaka-dakilang tao na ipinanganak, ayon kay Jesus, ay dumating na nangangaral ng sermon ni Isaias tungkol sa buhay ng Mesiyas na bilang malaking daan kung saan maglalakbay ang Diyos sa mundo. Ano ang gamit ng pangaral sa malaking daan sa buhay mo ngayon?

6. Ano ang magiging buhay para sa iyo kung iyong hingin sa Diyos na gawin ang buhay mo bilang malaking daan, sa pamamagitan ni Cristo na nakatira sa iyo, na makapaglalakbay Siya sa buong mundo?

7. Kung mayroon kang pananampalataya at lakas ng loob na ipanalangin ang panalangin na iyon, ano ang magiging buhay mo kung ang espirituwal na pampatag ng daan ay ipapadala ng Diyos sa buhay mo?

Ang Ating Nagdurusang Kahalili

Kabanata 4
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 64

Layunin: Upang maunawaan ang mensahe ng kaligtasan na matatagpuan sa aklat ng Isaias.

Tunay ngang inalis niya ang ating mga kahinaan, pinagaling niya ang ating mga karamdaman. Subalit inakala nating iyo'y parusa ng Diyos sa kanya. Ngunit dahil sa ating mga kasalanan kaya siya nasugatan; siya ay binugbog dahil sa ating kasamaan. Tayo ay gumaling dahil sa pahirap na dinanas niya at sa mga hampas na kanyang tinanggap. Tayong lahat ay tulad ng mga tupang naliligaw; nagkanya-kanya tayo ng lakad. Ngunit ipinataw ni Yahweh sa kanya ang kaparusahang tayo ang dapat tumanggap.

—Isaias 53:4-6

Karagdagan sa propesiya ng pagdating at likas na katangian ni Cristo, nagbigay din ng propesiya si Isaias tungkol sa Kanyang kamatayan. Isa sa pinaka-magandang kabanata sa Biblia ay ang Isaias 53, na naglalarawan kay Jesus bilang "Nagdurusang Lingkod" na magbabayad sa mga kasalanan ng Kanyang bayan—"tupa" na naligaw. Sa ikabubuti ng buong sangkatauhan, na tulad ng nawawalang tupa na lumiko sa ating sariling landas, ipinatong ng Diyos ang ating mga kasalanan kay Jesus. Inako niya ang kaparusahan ng ating mga kasalanan. Inilarawan ni Isaias ang pagkapako ni Jesus sa krus maraming daang taon bago pa ito nangyari noong isinulat niya ang Nagdurusang Lingkod na hinamak, tinanggihan, nagdusa, at sinaksak para sa ating mga kasalanan. Ngunit sa Kanyang mga sugat tayo ay gumaling na.

Si Isaias mismo ay nakaranas ng pagdurusa bilang lingkod ng Diyos gaya ng nararanasan ng mga lingkod ng Diyos. Ayon sa tradisyon, malupit na pinatay siya ni Haring Manases, at marami ang naniwala na ang kanyang pagkamartir ay naisalarawan sa aklat ng Hebreo ay nagsilbing halimbawa ng dakilang pananampalataya.

1. Tama o Mali? Kapag binabanggit ng Bagong Tipan “ang mga propeta,” ito ay tumutukoy sa mga propeta sa Lumang Tipan na sumulat ng mga aklat.

2. Tama o Mali? Ang pinanggalingan ng mga sinulat ng mga propeta ay hindi pangkaraniwan.

3. Tama o Mali? Ang gawain ng propeta ay isigaw ang tungkol sa hadlang na sumasalungat sa kalooban ng Diyos hanggang sa ito ay maalis.

4. Tama o Mali? Bihirang magbigay ng babala ang Diyos sa Kanyang bayan bago Niya dalhin ang paghatol sa kanila.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Paano natin nalalaman kung kailan nangangaral ang propeta tulad ni Isaias?
    a. Sila ay maingat na mananalaysay at sinulat nila ang petsa ng kanilang ministeryo.
    b. Karaniwan kanilang sinasabi kung sinong hari ang nangunguna kapag sila’y nagbibigay ng propesiya.
    c. Hindi natin alam sapagkat hindi sila sumulat ano mang bagay sa panahon na sila ay nabuhay.
    d. Hindi natin alam dahil sila ay mga alamat na tauhan lamang na maaring hindi tunay na nabuhay.

6. Ayon sa tradisyon, paano namatay si Isaias?
    a. Inilagay siya ni haring Manases sa ampaw na troso at kanyang nilagari ito sa kalahati.
    b. Pinatay siya ng mga Asirya dahil nagbigay siya ng propesiya laban sa kanila.
    c. Namatay sa sakit na ketong.
    d. Namatay siya ng natural sa edad na 97 taong gulang.

7. Ilagay sa tamang ayos ang tatlong bahagi ng Isaias?

a. Makasaysayang interlude	Kabanatang 1-35	**(__)**
b. Aliw, kaligtasan, at pagpapanumbalik	Kabanatang 36-39	**(__)**
c. Sermon sa paghatol ng Diyos	Kabanatang 40-66	**(__)**

8. Anong bahagi ang pinaka-puso ng mensahe ni Isaias?
    a. Kabanatang 1-35
    b. Kabanatang 35-39
    c. Kabanatang 40-66
    d. Kabanatang 67-80

9. Alin sa mga sumusunod ang totoo sa aklat ni Isaias? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Ito lamang ang aklat sa propesiya na hindi nasipi ni minsan sa Bagong Tipan.
    b. Mas marami ang propesiya sa Mesiyas kaysa sa ibang mga propeta.
    c. Nasipi ito ng higit na marami sa Bagong Tipan kumpara sa ibang mga propeta.
    d. Ito ang pinaka-maikling aklat sa major na propeta.

e. Ito ang unang aklat ng propesiya sa pagkaayos ng Biblia, ngunit isinulat ito pagkatapos ng lahat.

10. Paano magagamit ang ministeryo ni Jesus para sa atin?
    a. Ito ay para tanggapin natin.
    b. Ito ay para ibigay sa iba.
    c. Ito ay pareho nating tinanggap at ibinibigay.
    d. Hindi natin ito natanggap ni hindi maaaring ibigay. Natututo lang tayo tungkol dito.

11. Tungkol saan ang Isaias 53?
    a. Kung paano masasakop ng Babilonya ang Israel
    b. Bakit hinahayaan ng Diyos ang kahirapan sa mundo
    c. Kung kailan ipapanganak ng birhen si Jesus
    d. Kung paano namatay si Jesus para sa ating mga kasalanan

12. Anong hayop tayo ikinumpara ng Isaias 53?
    a. Mga lobo na mapanganib sa ibang mga tao
    b. Tupa na naligaw
    c. Agila na lumilipad na mas mataas kaysa iba
    d. Uod na di karapat-dapat bigyan ng respeto

Ano ang kailangan mo na tanggapin mula kay Jesus ngayon? Ano ang mayroon ka mula sa Kanyang ministeryo na maaari mong ibigay sa iba ngayon?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Panginoon sa Kanyang pagkahabag na nagbibigay ng tunay na kagalingan. Ano mang kahirapan ang hinaharap mo ngayon, hingin ang Kanyang tulong. Sabihin sa Kanya na nais mo ring maramdaman ang kahabagan sa iba.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Sa paanong paraan ang pang-limangpu't tatlo na kabanata ng Isaias ay kumakatawan sa kamatayan ng Mesiyas sa krus?

2. Ano ang kahulugan noong isinulat ni Isaias na ang parusa sa ating kapayapaan ay nasa Kanya?

3. Ang ika-anim na talata (sa New King James Version) ay nagsimula at natapos sa salitang "lahat." Ano ang magiging kahulugan nito kung sasang-ayon ka na ang unang "lahat" sa talatang ito ay kasama ka?

4. Ano ang magiging kahulugan nito kung sasang-ayon ka na ang huling "lahat" sa talatang ito ay kasama ka.

5. Ang mga iba ay nagsasabi na ang mga Romano ang pumatay sa Mesiyas, ang iba naman ay sinasabi na ang mga Hudyo. Ayon sa talatang sampu sa kabanatang ito, sino ang nagpako sa krus kay Jesu-Cristo? Paano ito nauugnay sa Juan 3:16?

6. Base sa ika-labing isang talata ng Isaias 53, ang pisikal ba na detalye nang kamatayan sa krus ay siyang nagbigay ng kasiyahan sa hustisya ng Diyos, o ang pagdurusa, paghihirap, o pagod ng Kanyang kaluluwa? Dapat ba nating bigyan ng halaga ang pisikal na aspeto ng Kanyang pagdurusa o ang espirituwal na aspeto? Ano ang naging dahilan ng espirituwal na pagdurusa?

7. Ilan ang natupad na mga propesiya ni Isaias sa napakatinding kabanata na ito?

Mga Serye ng Pag-iyak

Kabanata 5
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 65

Layunin: Upang maunawaan ang panahon at mensahe ni Jeremias.

"Sapagkat batid kong lubos ang mga plano ko para sa inyo; mga planong hindi ninyo ikakasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito'y mga planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa. Kung maganap na ito, kayo'y tatawag, lalapit, at dadalangin sa akin, at diringgin ko naman kayo. Kapag hinanap ninyo ako, ako'y inyong matatagpuan; kung buong puso ninyo akong hahanapin. Oo, ako'y matatagpuan ninyo, sabi ni Yahweh, at ibabalik ko ang inyong mga kayamanan. Titipunin ko kayo mula sa lahat ng bansa at pook na pinagdalhan ko sa inyo, at ibabalik sa dakong pinagmulan ninyo bago kayo nabihag."
—Jeremias 29:11-14

Tinatawag si Jeremias na "ang propetang umiiyak" dahil sa karamihan sa mga propesiya niya ay punung-puno ng luha at pananangis. Sa totoo lang, ang tulang isinulat niya kasunod ng aklat ng Jeremias ay tinatawag na "Panaghoy." Ipinapakita rito ang pagkawasak ng Jerusalem ng mga taga Babilonya.

Ang pagbagsak ng Jerusalem ay isang sakuna na tumagal ng halos dalawampung taon. Naglingkod ng kabuuan na apatnapu't isang taon si Jeremias, at sa panahon na ito siya ay nagbigay ng babala sa nalalapit na sakuna at nasaksihan niya ang tatlong pagsalakay ng Babilonya. Kinamuhian siya ng mga hari at mga bulaang propeta dahil sa kanyang mababagsik na mensahe, ngunit siya ay nagsabi lamang ng katotohanan. Nagbigay rin siya ng propesiya na ang bayan ng Diyos ay mapapalaya sa pagkabihag pagkatapos ng pitumpung taon.

Tulad ni Isaias, si Jeremias ay sumulat ng maraming propesiya tungkol sa pagdating ng Mesiyas. Ang mensaheng ito ng pag-asa ay hindi lamang para sa Judah, kundi ito ay para sa buong mundo. Nangaral siya na ang kahulugan at kasiyahan ay matatagpuan lamang sa pagkakilala sa Diyos.

1. Tama o Mali? Mahusay ang pagkaayos ng aklat ng Jeremias.

2. Tama o Mali? Sumulat si Jeremias ng hindi personal, gaya ng isang may layunin at labas ang damdamin niya sa mga kaganapan na kanyang isinusulat.

3. Tama o Mali? Naglingkod si Jeremias sa panahon lamang ng isang hari—humigit kumulang sa pitong taon.

4. Tama o Mali? Malubhang nakiramay ang bayan ng Diyos sa paghihinagpis ni Jeremias.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Sa panahon ng paghahari ni Josias, sa ministeryo ni Jeremias, ano ang natuklasan sa templo noong ito ay pinapaganda?
    a. Ang nawawalang kaban ng tipan
    b. Ang nalalabing bahagi ng templo sa ilalim ng bagong templo
    c. Karamihan ng naitagong kayamanan ni Solomon
    d. Balumbon ng Salita ng Diyos, na nakalimutan na

6. Bakit umabot ng napakatagal ang pagbagsak ng Jerusalem?
    a. Ang hukbo ng Dios ay napaka lakas at pilit na itinataboy ang pag-aatake
    b. Dahil sa mga suwail na hari, ang paghatol ng Diyos ay labis na lumalaki sa pagtakbo ng panahon.
    c. Ang Jerusalem at Babilonia ay nagpipilit na magkaroon ng kapayapaan, ngunit hindi magkasundo sa mga bagay na nais nila.
    d. Hindi makapag-desisyon ang Diyos kung hahatulin or patatawarin ang Kanyang bayan.

7. Alin sa mga sumusunod ang nagbibigay buod sa mensahe ni Jeremias?
    a. “Tinanggihan ng Diyos ang Israel at ngayon ay pinili Niya ang Babilonya bilang Kanyang bayan.”
    b. “Kung palalakihin mo ang iyong hukbo, maaari mong talunin ang Babilonya.”
    c. “Tiyak ang pagkatalo at pagkabihag, ngunit ibabalik kayo ng Diyos pagkatapos ng 70 taon.”
    d. “Hindi pa sigurado kung ano ang gagawin ng Diyos, baka kayo’y hahatulan Niya kung hindi kayo magsisisi.”

8. Ano ang iminungkahi ni Jeremias sa mga lider noong sumalakay ang Babilonya?
    a. Sumuko
    b. Kumpromiso
    c. Tumakas papunta sa Ehipto
    d. Magtiwala sa Diyos at maging malakas ang loob at lumaban

9. Ano ang nakikitang larawan na ginamit ni Jeremias na kumakatawan sa pagkabihag at pagbabalik ng mga Hudyo?
    a. Bulaklak sa tagsibol
    b. Isang kamelyo mula sa disyerto
    c. Isang piraso ng palayok na nabasag at inayos
    d. Ang kanyang karamdaman at kagalingan

10. Ano ang naging dulot ng pagkabihag tungkol sa pagsamba sa idolo ng Judah?
    a. Nagdesisyon sila na sumamba na lang sa idolo sapagkat itinakwil sila ng Diyos.
    b. Nakakita sila ng mas magandang idolo na sasambahin sa Babilonya.
    c. Nakita nila gaano kaimportante sa bawat kultura ang magkaroon ng sariling mga idolo.
    d. Hindi na sila muling sumamba sa idolo.

11. Ano ang naramdaman ni Jeremias sa mensaheng ibinigay ng Diyos sa kanya?
    a. Lubha siyang napagod sa pangangaral dito.
    b. Nagpasalamat siya sa Diyos dahil pinagkatiwalaan siya ng napakahalagang mensahe.
    c. Hindi siya nagreklamo tungkol sa kahirapan na naranasan niya dahil dito.
    d. Natuwa siya dahil naging kagamit-gamit siya sa Diyos.

12. Ano ang ipinangako ni Jeremias noong ang bayan ng Diyos ay ginapos at dinala sa pagkabihag?
    a. Hindi sila patatawarin ng Diyos sa kanilang ginawa.
    b. Mayroong magandang plano ang Diyos sa kanila upang bigyan sila ng pag-asa at panunumbalik.
    c. Magtatago ang Diyos hanggang sa dumating ang panahon ng Mesiyas.
    d. Magiging masaya sila at matagumpay sa Babilonya.

13. Ano ang pagkakaiba ng totoong propeta at bulaang propeta?
    a. Ang totoong propeta ay nangangaral ng mabuting balita, ang bulaang propeta ay nangangaral ng masamang balita.
    b. Ang totoong propeta ay laging sikat, ang bulaang propeta laging kinamumuhian.
    c. Ang totoong propeta ay dapat mamatay na martir.
    d. Ang salita ng totoong propeta ay laging natutupad. Ang salita ng bulaang propeta kadalasan ay hindi natutupad.

Nadisiplina ka na ba ng Diyos? Gaano kahirap ang magpasakop sa Kanyang kalooban? Ano ang pangako ng Diyos doon sa mga nakakaranas ng Kanyang mapagmahal na pagdidisiplina?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na mayroon Siyang magandang plano sa iyong buhay upang bigyan ka ng pag-asa sa hinaharap. Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang pangangalaga sa Kanyang mga anak sa pamamagitan ng pagtutuwid at pagdidisiplina sa atin. Hingin sa Kanya na turuan ka sa Kanyang kalooban at sanayin sa Kanyang mga paraan.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang diwa ng mensahe ni Jeremias bago dumating ang hukbo ng Babilonya?

2. Paano nagbago ang diwa ng mensahe noong nagpakita ang hukbo ng Babilonya?

3. Naranasan mo na ba sa iyong personal na buhay ang diwa ng mensahe ni Jeremias tungkol sa "pagkabihag" at panunumbalik na nagpalinis ng kasalanan sa iyong buhay?

4. Ang salitang "rehabilitation" sa Latin ang ibig sabihin ay "mamuhunan muli na may dignidad." Iyan ay mahalagang bahagi ng mensahe ni Jeremias. Mayroon ka bang pangangailangan na gamitin ang mensaheng ito sa iyong buhay ngayon? Sa ibang salita, kailangan mo ba ng kahit anong rehabilitasyon sa buhay mo? *(Isaalang-alang ang Jeremias 29:11-14 NIV)* Ipaliwanag.

5. Bakit kinapopootan na lubha si Jeremias ng mga taong kanyang pinapangaralan?

6. Isa sa mga dakilang sermon ni Jeremias na naisulat sa kabanatang 9:23-24. Bakit niya ipinangaral na huwag nating hanapin ang kaganapan sa karunungan, kayamanan, lakas sa pisikal, kundi sa kaalaman sa Diyos? Anong katangian ng Diyos ang sinasabi sa atin ni Jeremias na magdadala sa atin sa personal na kaalaman sa Diyos?

7. Kung naghahanap ka ng kahulugan ng buhay sa ibang bagay maliban sa kaalaman sa Diyos, paano mo magagamit ang napakagandang sermon ni Jeremias sa iyong personal na paghahanap sa Diyos?

Ang Mang-aawit ng Pagkabihag

Kabanata 6
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 66

Layunin: Upang maunawaan ang mga susing mensahe sa pangangaral ni Jeremias.

"Ganito ang sabi sa kanya: 'Ako ang lumikha, humugis at nag-ayos ng buong daigdig. Yahweh ang aking pangalan. Kung mananalangin ka sa akin, tutugunin kita, at ipahahayag ko sa iyo ang mga bagay na dakila at mahiwaga na hindi mo pa nalalaman.'"

—Jeremias 33:2-3

Noong dadalhin bihag na ng Babilonya ang mamamayan ng Jerusalem, nagbitiw ng salitang may pag-asa si Jeremias upang sila'y makapagtiis sa pagkabihag. Bagama't sila'y inalisan ng lahat ng makataong lakas at kayamanan, at kahit na sila'y dumanas ng kalungkutan at kakila-kilabot na pangyayari, sinabi sa kanila ni Jeremias na ang Diyos ay nasa kanila pa rin. Maari nilang makilala Siya sa Kanyang pagmamahal, katuwiran, at hustisya. Sa katotohanan, sa Kanya kamay lamang nakasalalay ang buong Babilonya, at doon makikilala Siya ng mabuti.

Nangaral ng maraming mensahe si Jeremias at kung minsan kanya itong ina-akto bilang palabas at bilang paglalarawan dito. Sa pamamagitan ng kanyang mga sermon, tinuruan niya ang bayan ng Diyos kung paano magtiwala sa Kanya, paano magkaroon ng pag-asa sa gitna ng trahedya, at kung paano ang kanilang mga puso at atin ay mababago kung sasaliksikin ang Diyos at hingin sa Kanya na baguhin tayo.

1. Tama o Mali? Karamihan sa mga mensahe ng mga propeta ay nasa anyo ng sermon.

2. Tama o Mali? Hindi lamang nangaral ng madilim at masamang tadhana si Jeremias; kundi nagdala din siya ng mensahe ng pag-asa.

3. Tama o Mali? Pagakatapos nagapi ang Jerusalem at ang bayan ng Diyos ay nawalan ng kayamanan, pamamahay, trabaho, at lakas, sila ay naubusan ng pag-asa sa buhay.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Ayon kay Jeremias, paano makikilala ang Diyos sa lupa? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Sa pamamagitan ng kanyang pagmamahal
    b. Sa pamamagitan ng kanyang katuwiran
    c. Sa pamamagitan ng edukasyon
    d. Sa pamamagitan ng kanyang hustisya
    e. Sa pamamagitan ng kayamanan

5. Alin sa mga sumusunod ang karaniwang paraan ng pangangaral ni Jeremias?
    a. Nakatayo sa pulpito upang magbigay ng mensahe
    b. Magsulat ng liham upang ipadala sa palibot ng kaharian
    c. Pag-akto bilang palabas na magsisilbing larawan ng mensahe
    d. Pag-awit ng mesahe sa templo

6. Bakit binili ni Jeremias ang sakahan ng kanyang kamag-anak?
    a. Nais niyang ipakita na ang mga nabihag ay babalik sa lupain.
    b. Nais niyang magkaroon ng huling pag-ani bago ang pagkabihag.
    c. Inisip niya na maibebenta sa mas malaking halaga.
    d. Nais niyang pakainin ang mga Babilonya kapag sila ay lumusob.

7. Sa Jeremias 33, ano ang pangako ng Diyos kapag tayo ay tumawag sa Kanya?
    a. Ibibigay kung ano mismo ang hihingin natin sa Kanya.
    b. Lulutasin lahat ng ating problema.
    c. Isasa alang-alang Niya kung sasagutin tayo o hindi.
    d. Ipapakita sa atin ang dakila at kamangha-manghang bagay na hindi pa natin nakita kailan man.

8. Ano ang sinasabi sa atin ni Jeremias tungkol sa pagbabago sa ating mga gawain?
    a. Kailangan nating kalimutan ang nakaraan at magsimula tayo ng bago sa ating sarili.
    b. Kung gagawin nating magpakabuti, kakayanin natin.
    c. Ang Diyos lang ang makakapagbago sa atin.
    d. Sa tamang tulong sa sikolohiya, mapapabuti natin ang ating sarili.

9. Ano ang dalawang kasalanan na ipinangaral ni Jeremias sa kabanatang 2? *(piliin ang dalawang akma)*
    a. Sila ay di masunuring mga tupa na naliligaw at walang pastol.
    b. Sila ay tumigil uminom mula sa tagsibol ng tubig na buhay, binale wala ang Diyos.

c. Sila ay nagmataas at hindi inisip na hahayaan ng Diyos na magdusa ang kanyang bayan.
d. Hinukay nila ang sarili nilang balon na hindi makaipon ng tubig, nakinig at naniwala sa sarili nilang makataong karunungan.

10. Ano ang sinabi ni Jeremias tungkol sa puso ng tao?
    a. Sa sarili nating likas na pagkahulog, ang ating puso ay mandaraya at desperadong masama.
    b. Sa kaloob-looban natin, bawat isa ay may mabuting puso.
    c. Walang paraan kahit ano na magbabago ng puso.
    d. Hindi masyadong mahalaga ang puso kaysa sa isip ng katwiran.

11. Sino talaga ang nakakaalam kung ano ang nasa puso ng tao?
    a. Ang ating sarili
    b. Mga sikolohista
    c. Ang mga may psychic na talento
    d. Diyos

Sa paanong paraan ka sumubok na magbago? Gaano katagumpay ang mga pagtangka mo? Naranasan mo na ba ang kapangyarihan ng Diyos na baguhin ang iyong buhay? Ano ang isang bagay na nais mong baguhin ng Diyos sa iyong buhay?

_____

_____

_____

Salamat sa Diyos sa Kanyang pangako na ipapanumbalik ka Niya kapag ikaw ay nabigo at babaguhin ang iyong puso kapag ikaw ay nagpasakop sa Kanya. Hingin sa Kanya na ipakita sa iyo ang dakila at kamangha-manghang bagay na hindi mo pa nalaman, gaya ng Kanyang ipinangako na gagawin.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ano ang dalawang bagay na sinasabi ni Jeremias tungkol sa puso ng tao at, higit sa lahat, ano ang katotohanan sa puso ng tao ayon kay Jeremias? *(Isa alang-alang ang Jeremias 17:9,10)*

2. Sa mga talata sa itaas, ano ang itinanong ni Jeremias tungkol sa puso ng tao, at paano niya sinagot ang katanungan na iyon?

3. Ano ang kaugnayan nito sa dakilang panalangin ni David sa dalawang huling talata ng Mga Awit 139, at sa paraan na nais mong maunawaan ang iyong sarili o ibang mga tao?

4. "Kung mananalangin ka sa akin, tutugunin kita, at ipahahayag ko sa iyo ang mga bagay na dakila at mahiwaga na hindi mo pa nalalaman." (Jeremias 33:3) Paano makakatulong sa iyo ang talatang ito kapag ikaw ay nasiraan ng loob at nahapo, na laging ganito ang nangyayari taon-taon sa iyong buhay ay ministeryo?

5. Sa NIV ang sinasabi sa pagsalin nito ay "mahiwaga na di mo pa nalalaman," sa Living Bible ang pagsalin ay "sikretong espirituwal." Ano sa palagay mo ang mga sikretong espirituwal?

6. Noong isinulat niya ang ikalawang kabanata na itinakwil ng mga mamamayan ang Tagsibol ng Tubig na Buhay at gumawa sila ng sarili nilang balon na hindi makaipon ng tubig, magbigay ng iilang halimbawa ng mga balon na hindi makaipon ng tubig ayon sa sinabi ni Jeremias.

7. Ikumpara ang Jeremias 2:36 sa 13:23: “'Bakit kay dali mong magpalit ng kaibigan? Bibiguin ka ng Egipto, tulad ng ginawa sa iyo ng Asiria? 'Kaya bang baguhin ng isang Etiope ang kulay ng kanyang balat o maaalis kaya ng isang leopardo ang kanyang mga batik? (Kapag iyan ay nangyari, matututo na rin kayong gumawa ng matuwid, kayo na walang ginagawa kundi pawang kasamaan.)” Itinuturo ba ni Jeremias na ang ating sitwasyon ay wala ng pag-asa at wala na tayong puwedeng gawin upang baguhin ang kundisyon ng ating puso? Ipaliwanag.

Ang Malungkot na Balita ng Diyos

Kabanata 7
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 67

Layunin: Upang maunawaan lalo ang mga mensahe ng Diyos sa pamamagitan ni Jeremias at paano ginamit ang propetang ito.

"Ganito ang gagawin kong kasunduan sa bayan ng Israel pagdating ng panahon: Itatanim ko sa kanilang kalooban ang aking kautusan; isusulat ko ito sa kanilang mga puso. Ako ang kanilang magiging Diyos at sila ang aking magiging bayan."

—Jeremias 31:33

May dalawang uri ng tao sa Jerusalem habang ang lunsod ay bumabagsak sa kamay ng emperyo ng Babilonya: ang mga naniniwala na ang pagkabihag ay pagpapalo ng Diyos at tinanggap ang disiplina; at ang mga ayaw kilalanin ang kalooban ng Diyos at nagrebelde. Sa mga kusang loob na pumunta sa Babilonya sa paghatol at pagsisisi ng kanilang mga kasalanan, pinangako ng Diyos ang Kanyang tulong. Sisiguruhin niya na maganda ang pag-trato sa kanila, bibigyan sila ng bagong puso na tutugon sa Kanya, at dadalhin ang bagong henerasyon pabalik sa Jerusalem. Ngunit sa mga tumanggi sa mensahe ni Jeremias at ayaw magsisi, nagbabala ang Diyos na makakaranas sila ng pagkatalo, taggutom, at mga sakit hanggang sa sila ay mapawi.

Nangaral si Jeremias ng maraming sermon sa dalawang uri ng mga taong ito, at lagi siyang kinukutya sa pagdadala niya ng malungkot na mga balita. Ngunit ang kanyang pangangaral ang tanging pag-asa ng mga Hudyo na nakarinig ng kanyang mga sermon: ang propesiya niya sa hinaharap na panunumbalik at ang Mesiyas patuloy na binibigyan tayo ng pag-asa ngayon.

1. Tama o Mali? Kahit na mabiyayang nagpapatawad ang Diyos sa atin, kung minsan ang mga peklat na dulot ng mga kasalanan natin ay hindi na mawawala.

2. Tama o Mali? Ipinangaral ni Jeremias na tayo ang kapitan ng ating sariling kapalaran.

3. Tama o Mali? Mabagsik na nagsalita si Jeremias doon sa mga nagtitiwala sa kanilang sariling abilidad upang akayin at iligtas ang kanilang sarili.

4. Tama o Mali? Ang aklat ng Jeremias ay nagtapos na may kasiyahan at pagdiriwang sa biyaya ng Diyos.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

5. Anong paglalarawan ang ginamit ni Jeremias upang ipakilala ang mga taong ayaw tanggapin ang kanyang mensahe na ang kanilang pagkabihag ay pagpapalo ng Diyos?
    a. Maruming mga damit
    b. Bulok na igos
    c. Naliligaw na kambing
    d. Natapon na alak

6. Hindi lamang si Jeremias na tauhan sa Biblia ang gumamit ng mga magsasakang kagamitan. Sino ang iba pa?
    a. Moses
    b. David
    c. Elias
    d. Jesus

7. Ano ang kumakatawan sa apat na uri ng lupa sa parabula ni Jesus?
    a. Apat na tugon sa magandang balita ng kaligtasan
    b. Ang apat na kaharian ng Diyos
    c. Ang apat na paraan ng kaligtasan
    d. Apat na uri ng prutas na matatagpuan sa Israel

8. Noong hinimok ni Jeremias na bungkalin ng mga tao ang kanilang lupain, ano ang nais ipagawa sa kanila?
    a. Magsanay ng mas mabuting pagsasaka upang gumanda ang ani
    b. Bumungkal ng lupa sa palibot ng Jerusalem upang sa pagdating ng mga Babilonya ay makapagpupunla sila ng mga binhi
    c. Maging handa na tanggapin ang Salita ng Diyos
    d. Ibaon lahat ng kopya nila sa Kasulatan upang huwag makuha ito ng kanilang kalaban

9. Ano ang naging tugon ni Jeremias noong kutyain siya ng mga tao sa kanyang “malungkot na balita?”
    a. Sinabi niya sa kanila na sila mismo ang malungkot na balita at sinaway sila sa pagkutya sa Salita ng Diyos.
    b. Sinubukan niya na maghanap ng isang mapapag-usapang may saya.
    c. Sinabi niya sa Diyos na di na siya muling mangangaral.
    d. Kumuha siya ng bato upang ibato sa kanila.

10. Paano natin alam na si Jeremias ay totoong propeta?
    a. Mukha siyang propeta.
    b. Ang kanyang ama ay propeta at sinanay siya upang maging propeta din.
    c. Ang propesiya niya tungkol sa kalamidad at panunumbalik ay nagkatotoo.
    d. Gumawa siya ng maraming milagro.

11. Bakit pinayuhan ni Jeremias ang mga tao na huwag mag-asawa?
    a. Ang buhay walang asawa ay mas espirituwal kaysa may asawa.
    b. Bilang bahagi ng Kanyang paghatol, pinagbawal ng Diyos ang pag-aasawa sa loob ng 70 taon.
    c. Ang templo ay nagiba, dahil dito wala ng pagdarausan ng kasalan.
    d. Sa panahon ng pagkabihag at pag-uusig, ang pag-aasawa at pagkakaroon ng mga anak ay magdudulot lamang ng pagwasak ng mga pamilya.

12. Ano ang propesiya ni Jeremias tungkol sa mga puso ng bayan ng Diyos?
    a. Bibigyan ng Diyos ng bagong puso ang mga tao Niya at isusulat ang Kanyang mga batas sa kanilang mga puso.
    b. Hindi na nila muling tatanggapin sa kanilang puso ang Diyos.
    c. Ang mga tao ay babalik sa Diyos at pagkatapos ay lalayo muli.
    d. Ang kanilang mga puso ay lubhang makasalanan na at dahil dito hindi na sila kayang tubusin ng Diyos.

Nakatanggap ka na ba ng bagong puso mula sa Diyos? Kung totoo, anong pagbabago ang nangyari sa buhay mo mula nang matanggap mo ang regalong ito? Kung hindi pa, naniniwala ka ba na kailangan mo ng bagong puso? Bakit o bakit hindi?

_____

_____

_____

Salamat sa Diyos sa regalo ng bagong puso. Hingin sa kanya na patuloy na kumilos sa iyong bagong puso at sa puso ng mga taong kilala mo. Manalangin na ang iyong puso at buhay ay umapaw sa pasasalamat at papuri sa Kanya.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Kapag ikaw ay tumingin sa salamin, nakikita mo ba ang "malungkot na balita ng Diyos," o nakikita mo ang Mabuting Balita ng Diyos sa Ebanghelyo – bagong nilalang sa biyaya ng Diyos? Bakit?

2. Ano ang pataas na pag-asa na ipinahayag ni Jeremias sa mga tao ng Diyos tungkol sa karanasan nila sa pagkabihag?

3. Iugnay ang pag-asang ito sa mga iilang sagabal na naranasan mo sa iyong paglalakbay sa pananampalataya?

4. Ayon sa mga talata sa itaas, paano mo magagamit sa iyong buhay ang mga bagay na magagawa mo sa iyong "pagkabihag," at ang mga bagay na ipinangako ng Diyos na gagawin Niya sa mga panahon na iyon?

5. Paano mo isasakatuparan ang mga mahahalagang gamit sa sermon ng Diyos na ibinigay kay Jeremias sa kabanatang 18, tungkol sa lalagyan na may kapintasan sa gulong ng magpapalayok at ginamit muli? *(Isaalang-alang ang kabanatang 18)*

6. Nagpakita ng pananampalataya sa Diyos si Jeremias sa muling pagbabalik mula sa pagkabihag sa pamamagitan ng pagbili ng lupa malapit sa Jerusalem, bago pa sila nabihag. Paano mo ipinamalas ang iyong pananampalataya sa pamamagitan ng aksyon laban sa lahat ng hadlang, gaya ng ipinakita ni Jeremias na naniwala sa sarili niyang propesiya tungkol sa pagbabalik mula sa pagkabihag noong binili niya ang sakahang lupa ng kanyang kamag-anak sa labas lamang ng Jerusalem sa maikling panahon bago nag-umpisa ang pagkabihag?

7. Paano mo maipapakita sa tao na ang iyong pananampalataya ay tunay, tulad ng hari na nagpakita na naniwala siya sa pangaral ni Jeremias noong binisita niya si Jeremias sa piitan habang ang pagkubkob sa Jerusalem ay nasa taluktok nito?

Iniibig Ka ng Diyos Anuman ang Mangyari

Kabanata 8
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 68

Layunin: Upang maunawaan ang mensahe ng aklat ng Panaghoy.

Gayunma'y nanunumbalik ang aking pag-asa kapag naalala kong: Pag-ibig mo, Yahweh, ay hindi nagmamaliw; kahabagan mo'y walang kapantay. Ito ay laging sariwa bawat umaga; katapatan mo'y napakadakila. Si Yahweh ay akin, sa kanya ako magtitiwala. Si Yahweh ay mabuti sa mga nananalig at umaasa sa kanya, kaya't pinakamainam ang buong tiyagang umasa sa ating kaligtasang si Yahweh ang may dala.

—Mga Panaghoy 3:21-26

Ang aklat ng Mga Panaghoy ay kasunod ng aklat ng Jeremias. Ito ay panaghoy sa nasakop na lupain at ang mga mamamayan ay walang awang pinatay o binihag. Ito ay nagpapahayag din ng pagluluksa sa katotohanang ang bayan ng Diyos ay nahiwalay sa kanilang banal na lungsod at hindi na sila muling makakalapit sa templo.

Hindi lamang kapahayagan ng puso ng Diyos sa kanyang mga tao ang aklat ng Mga Panaghoy kundi isang obra maestra ang pagkasulat ng tula nito. Ito ay naglalaman ng limang tula, apat dito sa orihinal na wika ay gawa sa akrostic—bawat linya ay nagsisimula sa pagkasunod-sunod na letra ng alpabeto. Bagaman ito ay napakagandang piyesa ng panitikan, ang inspiradong mensahe ang siyang naglagay dito sa Salita ng Diyos. Sa gitna ng kawalan ng pag-asa, nagbigay ng mensahe ng pag-asa si Jeremias. Sa gitna ng malungkot na aklat, pinapaalala niya sa atin ang dakilang pag-ibig ng Panginoon at ang Kanyang di nagmamaliw na habag. Ang pagpapalo niya ay tanda ng ating pagiging mga anak Niya, at ang Kanyang habag ay laging bago tuwing umaga.

1. Tama o Mali? Dahil mahal ng Diyos si Jeremias sa kayang katapatan, hindi niya hinayaan ang propeta na makita ang kakila-kilabot na pagbagsak ng Jerusalem.

2. Tama o Mali? Noong isinulat ang "Mga Panaghoy", ang Jerusalem ay mistulang durog-durog na bato at kakaunti ang mga taong naiwan dito.

3. Tama o Mali? Maraming mga tao ang naniniwala na isinulat ni Jeremias ang Mga Panaghoy sa parehong burol kung saan ipinako si Jesus pagkaraan ng daang-daang mga taon.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Ano ang akrostic na tula?
    a. Isang tula kung saan ang bawat linya ay katunog ng naunang linya
    b. Isang tula tungkol sa kamatayan at pagkawasak
    c. Isang tula kung saan ang pagkasunod-sunod ng linya ay katumbas ng mga letra sa alpabeto
    d. Isang tula sa propesiya an nagsasabi tungkol sa hinaharap

5. Ano ang pinakamahalagang katangian ng Mga Panaghoy?
    a. Ang kalidad ng kanyang panitikan
    b. Ang inspirasyon ng kanyang mensahe
    c. Ang paglalarawan ng graphic
    d. Ang kawalan ng pag-asa

6. Sa anong paraan ang Mga Panaghoy ay katulad ng aklat ng Job?
    a. Sa gitna ng lahat ng kapighatian, mayroong mensahe ng pag-asa
    b. Pareho ang kanilang haba
    c. Ang Job ay tulang akrostic din
    d. Ni isa ay hindi kinikilala ang katapatan ng Diyos

7. Ano ang ibig sabihin na ang Kanyang habag ay hindi nagmamaliw?
    a. Hindi pinababayaan ng Diyos na maghirap ang Kanyang mga tao.
    b. Kapag hahatulan ng Diyos ang Kanyang mga tao, maghahanap Siya ng iba upang ipakita ang Kanyang habag.
    c. Sinisiguro Niya na ang Kanyang mga tao ay may paghihirap kahit kaunti upang maipakita Niya ang Kanyang simpatya.
    d. Lagi tayong mahal ng Diyos kahit tayo ay nabigo.

8. Ano ang ibig sabihin ng Biblia kapag sinabi na "ang Diyos ay pag-ibig?"
    a. Kahit saan makikita ang anumang uri ng pag-ibig, sa Diyos nagmumula ito.
    b. Ang Diyos ang ganap na kapahayagan ng pag-ibig na may pasensiya, mabait, hindi makasarili, mapagpatawad, walang kundisyon, at hindi nasisira.
    c. Ang "Diyos" ay salita lang ng pag-ibig.
    d. Hindi papaluin ng Diyos ang Kanyang mga tao.

9. Paano pinatunayang tama si Jeremias sa pagkaguho ng Jerusalem?
    a. Ang kanyang propesiya ay nagkatotoo.
    b. Nangyari ang kahilingan niya na ang hari ng Babilonia ang maghahari.
    c. Naibsan ang kanyang galit.
    d. Binigyan siya ng kalaban na malaking kayamanan at inilagay siya sa pinakamataas na posisyon.

10. Anong aspeto ng pagka Diyos ang Kanyang ipinamalas sa pamamagitan ng pagpalo sa Kanyang mga tao at hayaan silang maghirap?
    a. Ang kanyang mainiting ulo
    b. Laging nagbabago ang isip
    c. Ang di makatuwirang patakaran
    d. Ang Kanyang dakilang pagmamahal sa Kanyang mga anak

11. Anong mensahe mula kay Jeremias ang nagbibigay kumpirmasyon sa Hebreo 12?
    a. Pareho ang parusang ibinibigay ng Diyos sa bawat isa.
    b. Mahal ng Diyos ang bawat isa at hindi niya pinapalo ang mga mahal Niya.
    c. Hindi maaaring unawain ang pagmamahal ng Diyos.
    d. Pinapalo ng Diyos ang Kanyang minamahal.

Ano ang ibig sabihin na walang kundisyon ang pag-ibig ng Diyos? Paano ito nagbibigay ng inspirasyon sa iyo? Mayroon ka bang ganoong uri ng pag-ibig sa iba?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos kahit sa iyong mabigat na kahirapan maaari kang umasa sa Kanya at ang Kanyang pag-ibig ay hindi nagmamaliw. Hingin na tulungan ka Niya na maranasan mo ito at maipakita sa iba.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ang pinakadakilang mga talata sa Mga Pahayag ay sa kabanatang 3:21-26. Paano mo magagamit ang mga talatang ito sa iyong buhay at sa iyong personal na paglalakbay sa pananampalataya?

2. Ang Living Bible isinalin ang pinaka kahulugan nito noong isinulat na sinabi ng Diyos sa Israel sa pamamagitan ni Jeremias, “hindi Ako tumigil na magmamahal sa iyo!” Paano ang katotohanang ito magagamit sa iyong personal na buhay?

3. Dahil ang pag-asa na sinasabi rito ay tumutukoy sa pangakong pagbabalik ng Israel sa kanilang lupain, paano mo magagamit ang mensahe ng pag-asa at paghihintay sa Panginoon lalo na sa panahon ng kahirapan kapag ikaw ay pinapalo ng Diyos?

4. Bakit sinundan ni Jeremias ang kanyang propesiya ng marami pang pag-iyak, na siyang tinatawag na “Isang Serye ng mga Hikbi?” Sa iyong pagsagot sa tanong na ito ilarawan ang sangkap ng mensahe ni Jeremias. Sa ibang salita, ipakita kung paano sa Mga Panaghoy ipinakita ni Jeremias ang darating na kakila-kilabot.

5. Ipakita kung paano ang katotohanan na isinulat ni Jeremias ang Mga Panaghoy sa burol ng Kalbaryo na ang ibig sabihin sinasabi ng Diyos sa Israel sa pamamagitan ni Jeremias na hindi lamang Niya ibinubuhos ang Kanyang walang kundisyon na pag-ibig sa Israel doon, kundi balang araw, ibubuhos niya ang Kanyang pag-ibig sa buong mundo sa parehong lugar.

6. Iugnay ang Hebreo 12 sa mensahe ng Mga Panaghoy na mahal tayo ng Diyos kapag tayo ay Kanyang pinapalo.

7. Paano pinatutunayan na totoong propeta si Jeremias sa pagsakop ng Jerusalem at Israel?

Lahat ng Bagay na Kakatwa
At Kamangha-mangha

Kabanata 9
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 69

Layunin: Upang ipakilala at maunawaan ang pagkatao at isinulat ni propeta Ezekiel.

"Pagkaraan ng pitong araw, sinabi sa akin ni Yahweh, "Ezekiel, anak ng tao, ginagawa kitang bantay ng bansang Israel. Makinig ka sa aking sasabihin, at bigyan mo sila ng babala. Subalit kapag binigyan mo sila ng babala, at hindi sila nagsisi sa kanilang kasamaan, mamamatay nga sila dahil sa kanilang mga kasalanan; ngunit hindi mo iyon pananagutan."

—Ezekiel 3:16-17, 19

Dinala si Ezekiel sa pagkabihag noong binata pa siya at siya ay nangaral sa kampo ng manggagawa sa Babilonya. Ayaw ng Diyos na walang propeta ang Kanyang mga tao, kahit sa ilalim ng kanilang pagkadisiplina sa kasalanan. Ang mga propesiya ni Ezekiel ay tinatawag na panitikang "apocalyptic" na ibig sabihin ay dinadala tayo sa "kabila ng tabing" upang makita natin ang di karaniwang nakikita. Ang aklat ng Ezekiel ay punong-puno ng propesiya sa hinaharap, lalo na sa mga mangyayari kapag tinapos na ng Diyos ang kasaysayan ng tao.

Ang aklat ng Ezekiel ay nagsisimula sa dakilang pangitain sa Diyos. Ibinigay ng Diyos ang pangitaing ito upang ilayo ang Kanyang mga tao sa kapahamakan. Wala na silang templo at banal na lungsod, at nawala nila ang pangitain sa Diyos. Talagang nakita ni Ezekiel ang kaluwalhatian ng Panginoon at tinawag siya na magministeryo sa mga tao ng Diyos sa panahon at lugar na napakahirap. Sa buong aklat, binigyang diin ni Ezekiel ang gawain ng Banal na Espiritu—ang presensya ng Diyos kung saan man naroon ang Kanyang mga tao.

1. Tama o Mali? Si Ezekiel lang ang nagministeryo nang direkta sa mga nabihag sa Babilonya.

2. Tama o Mali? Matagal nang namatay si Jeremias bago pa ipinanganak si Ezekiel.

3. Tama o Mali? Ang ministeryo ni Ezekiel ay tumayo sa puwang sa gitna ng Diyos at ang Kanyang mga tao na nabihag.

   Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Sino-sino sa mga nagsulat sa Biblia ang naitapon noong sila ay nagsulat? *(piliin lahat ng akma)*
   a. Ezekiel
   b. Joshua
   c. Daniel
   d. Luke
   e. John

5. Itugma ang bawat propeta sa miyembro ng Trinidad na kanyang idinidiin?
   a. Isaiah ___ i. ang Ama
   b. Jeremias ___ ii. ang Anak
   c. Ezekiel ___ iii. ang Espiritu

6. Ano ang relasyon ng Banal na Espiritu sa atin kung tayo ay Kanyang mga anak?
   a. Siya ay nasa loob natin
   b. Siya ay nasa taas natin
   c. Siya ay kasama natin
   d. Lahat ng nasa itass

7. Sa anong paraan si Ezekiel ay tulad ni Jeremias?
    a. Pareho silang gumamit ng mga nakikitang paglalarawan.
    b. Sumulat din si Ezekiel ng aklat ng panaghoy.
    c. Pareho silang tumira sa Babilonya kasama ang mga ibang bihag.
    d. Pareho ang kanilang edad.

8. Paano dumating kay Ezekiel ang marami niyang mga sermon?
    a. Sa gintong tabletang bato
    b. Mula sa isinulat ni Jeremias
    c. Sa mga pangitain
    d. Sa pamamagitan ng kanyang sariling pag-aaral

9. Sino sa mga sumulat sa Bagong Tipan ang gumamit ng maraming simbolo at larawan tulad ni Ezekiel?
    a. Paul
    b. John
    c. Luke
    d. Peter

10. Kanino ikinumpara ni Ezekiel ang kanyang tungkulin at responsibilidad?
    a. Isang bantay
    b. Isang agila
    c. Sirang palayok
    d. Isang gulong

11. Ano ang pinaniwalaan ni Ezekiel na magagawa niya ayon sa kung ano ang tawag ng Diyos na dapat niyang gawin?
    a. Siya ay likas na magaling magsalita.
    b. Alam niyang mabuti ang Biblia at maituturo niya ito sa iba.
    c. Mas matalino siya kaysa sa ibang mga bihag.
    d. Nag depende siya sa Banal na Espiritu.

Sa anong paraan mo naranasan ang kalakasan mula sa Banal na Espiritu? Ano ang responsibilidad mo ngayon kung saan kailangan mo ang tulong ng Banal na Espiritu?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos dahil hindi ka iiwan o itatakwil man ng Banal na Espiritu at sa mga pangako Niya na bibigyan ka nang kalakasan at kakayahan na paglingkuran Siya. Hingin sa Kanya na gabayan ka at punuin ka ng Kanyang karunungan, kalakasan, at pag-ibig.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Magbigay ng iilang halimbawa kung paano ginamit ni Ezekiel ang mga simbolikong kilos upang ihatid ang kanyang mga mensahe?

2. Ipakita kung paano ginamit din ni Jesus ang parehong pamamaraan noong inumpisahan Niya ang kanyang kilalang pinaka-mahabang diskurso sa tawag na "Ang Diskurso sa Itaas ng Silid." (Juan 13-16)

3. Ano ang iisipin ng ating kultura sa taong tulad ni Ezekiel kung kanyang ipapangaral ang kanyang simbolikong kilos na sermon ngayon?

4. Ano ang hindi nagbabago at paulit-ulit na tema sa pangangaral ni Ezekiel, at bakit patuloy niyang idinidiin ang mensaheng ito?

5. Bakit si Daniel, si Apostol Juan, at si Ezekiel ay nangaral ng sermon na nagdidiin ng katotohanan sa apokalipto (ibig sabihin sa kabila ng tabing) sa hinaharap, yamang isinulat nila ang kanilang mga aklat habang sila ay nasa pagkakatapon.

6. Sabihin kung paano mo napagtanto na kailangan mong idiin ang gawain ng Banal na Espiritu sa iyong pagtanggap sa Kanyang tawag at maging ministro ka sa mundo para sa Diyos.

7. Paano mo hihingin sa Banal na Espiritu na tulungan kang bigyan ng kahulugan ang katawa-tawa at kamangha-manghang propesiya ni Ezekiel? *(Isaalang-alang ang 1 Corinto 2:9-16)*

Mga Tuyong Buto

Kabanata 10
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 70

Layunin: Upang matuto mula sa pinaka dakilang sermon ni Ezekiel na tanging Espiritu ng Diyos lamang ang makapagbibigay ng bagong buhay.

"Sinabi niya sa akin, "Magpahayag ka sa mga kalansay na ito. Sabihin mo: Mga tuyong kalansay, dinggin ninyo ang salita ni Yahweh. Ito ang ipinapasabi niya: Bibigyan ko kayo ng hininga at kayo'y mabubuhay. Lalagyan ko kayo ng litid at laman, at babalutin ng balat. Bibigyan ko kayo ng hininga at kayo'y mabubuhay. Sa gayon, makikilala ninyong ako si Yahweh."

—Ezekiel 37:4-6

Nangaral si Ezekiel ng sermon mula sa pangitain sa lambak ng tuyong mga buto. Noong magbigay ng propesiya si Ezekiel sa mga buto, gaya ng sinabi sa kanya ng Panginoon, nabuo ang mga buto. Sa patuloy niyang pangangaral, mga litid at laman ay nadagdag sa mga kalansay. Pagkatapos sinabi ng Panginoon kay Ezekiel na magpropesiya sa Hininga—ang Espiritu ng Diyos—upang ang katawan ay magkaroon ng buhay. Ang mensahe ng Diyos sa mga Hudyo ay ibabalik sila mula sa pagkabihag patungo sa Israel bagama't ang pakiramdam nila ay wala silang buhay, at tuyong mga buto lang.

Mayroong mahalagang aral para sa atin sa sermon na ito: maliban sa Banal na Espiritu, ang mga nagbabahagi ng ebanghelyo sa mga naliligaw ay gumagawa ng imposible. Sa katotohanan, lahat ng nais nating gawin maliban sa Espiritu ay imposible na parang nagbibigay ng buhay sa mga patay na buto. Ang iglesia ay dapat pasiglahin ng Banal na Espiritu upang maisakatuparan ang Dakilang Utos at dalhin ang ebanghelyo ng buhay sa mga patay ang espiritu sa mundo. Tanging kapangyarihan lamang ng Diyos ang makakapagbigay ng buhay sa mga taong patay ang espiritu.

1. Tama o Mali? Ang mga butong nakita ni Ezekiel ay sariwa pa. Hindi pa masyadong matagal na patay ang mga tao.

2. Tama o Mali? Nangaral ng matagal si Ezekiel pagkatapos makabalik ng mga tao ng Diyos mula sa pagkabihag.

3. Tama o Mali? Ang mga tuyong buto ay kumakatawan sa mga taong patay ang espiritu na nasa pagkatapon.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Saan nakuha ni Ezekiel ang ideya na mangaral sa mga tuyong buto?
    a. Hindi siya naniwala na ang kamatayan ay totoo, ngunit ito ay ilusyon lang.
    b. Inisip niya na ang espiritu ng mga taong namatay ay maaari pang tumanggap kay Cristo.
    c. Nais niya na ang mga espiritu ng mga patay ay makipagusap sa kanya.
    d. Sinabi sa kanya ng Diyos.

5. Ano ang pangunahing ministeryo ni Ezekiel?
    a. Mangaral at magministeryo sa mga nabihag sa Babilonya.
    b. Ipunin ang mga buto ng mga patay sa pagkatapon at ilibing sila.
    c. Bilangin ang mga napatay sa Babilonya upang makapaghiganti ang Judah pagkatapos.
    d. Turuan ang mga tao na ang kamatayan at pagkasira ay magbibigay kasiyahan sa galit ng Diyos.

6. Ano ang ibig sabihin ng Diyos noong sinabi Niya kay Ezekiel na mangaral sa Hininga?
    a. Lumalakad si Ezekiel sa mga bangkay at hiningahan niya ang bawat isa.
    b. Ang hangin ang darating upang buhayin muli ang mga patay.
    c. Ang Espiritu ng Diyos lamang ang makapagbibigay buhay sa mga patay sa pamamagitan ng panalangin.
    d. Mababale wala na parang hangin ang pangangaral ni Ezekiel dahil ang bawat isa sa lambak ay patay na.

7. Anong mensahe ang naibigay ni Ezekiel mula sa kanyang pangitain sa mga buto sa mga naitapon?
    a. Sila'y mamamatay lamang sa Babilonya
    b. Wawasakin ng Diyos ang mga Babilonya at ikakalat sila sa lambak.
    c. Isang araw ibabalik ng Diyos ang mga nabihag patungo sa kanilang lupang sinilangan.
    d. Dapat nilang iwasan ang mga propetang nangangaral tungkol sa kakaibang pangitain.

8. Paano magagamit sa ating panahon ang pangitain ni Ezekiel tungkol sa mga tuyong buto?
    a. Sinasabi sa atin na maraming mga tao ang ligaw na walang pag-asa at walang makakapagligtas sa kanila.
    b. Itinuturo sa atin na ipangaral ang mensahe ng buhay sa mga patay ang espiritu at gawin ito sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.
    c. Ipinapakita sa atin na walang sinumang mamamatay kung mayroon lang tayong sapat na pananampalataya.
    d. Wala itong gamit sa atin ngayon.

9. Ano ang ibig sabihin nang ang mga propeta ay mayroong "pagdating" at "pagalis" na mga karanasan?
    a. Hindi sila nagtatagal sa isang lugar.
    b. Laging nagbabago ang kanilang isip.
    c. Mahirap silang hulihin dahil lagi silang dumarating at umaalis.
    d. Mayroon silang mga karanasan sa pagdating nila sa Diyos at pagalis patungo sa mga tao.

10. Ano ang karanasan ni Ezekiel sa "pagdating?"
    a. Ang paglalakbay niya sa Babilonya upang sumama sa mga itinapon.
    b. Ang pangitain niya sa Diyos.
    c. Ang Kanyang pakikipagsapalaran sa lambak ng mga buto.
    d. Ang pagbabalik niya sa Jerusalem pagkatapos ng 70 taon.

11. Paano naging magandang halimbawa si Ezekiel sa atin?
    a. Dapat tayong mangaral ng katawa-tawa at kamangha-manghang mga mensahe.
    b. Dapat tayong maging tapat sa pagsunod at pagtupad sa Salita ng Diyos.
    c. Dapat tayong magkaroon ng pangitain.
    d. Dapat lagi tayong pumunta sa Diyos, kahit na hindi pa tayo nakarating sa Diyos.

12. Ano ang ipinapakita ng Diyos kay Ezekiel tungkol sa kanyang pangitain sa Diyos.
    a. Ang Diyos ay nakakaalam ng lahat.
    b. Ang Diyos ay nasa lahat ng dako.
    c. Ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat.
    d. Lahat ng nasa itaas

Sinubukan mo na bang ibahagi ang ebanghelyo na hindi mo hiningi sa Espiritu ng Diyos na hingahan ng buhay ang taong nakarinig ng ebanghelyo? Ano ang naging resulta nito? Bakit imposibleng mamunga ng espirituwal na bagay maliban sa tulong ng Espiritu ng Diyos?

_____

_____

_____

Kung ikaw ay naniniwala kay Jesus, pasalamatan ang Diyos na hiningahan ka Niya ng Kanyang Espiritu. (Kung hindi ka naniniwala kay Jesus, kung pakiramdam mo ay para kang tuyong buto sa espirituwal, ilagay ang pagtitiwala sa Kanya ngayon at hingin na iligtas ka at hingahan ang Kanyang walang hanggang buhay sa iyo.) Hingin na bigyan ka ng Diyos ng lakas upang gawin ang Kanyang kalooban.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Sa pagmiministeryo ni Ezekiel sa mga Hudyong nabihag, ano ang kahulugan ng alegoryang "*mga tuyong buto"* at ano ang trabaho ni Ezekiel?

2. Ipakita kung paano ang mga tuyong buto na pinangaral ni Ezekiel ay nagpapakita na imposibleng gawin ano mang bagay sa ministeryo, maging ito ay isahang pagdadala ng Ebanghelyo o pangagaral ng Ebanghelyo sa malaking grupo, na walang pagkilos ng Banal na Espiritu.

3. Kung ikaw ay pastor, guro sa Sunday school, lider sa maliit na grupo o anumang espirituwal na lider, paano magbibigay ng inspirasyon ang sermon na ito sa iyo upang tingnan ang mga tao sa iyong ministeryo, habang nakikita mo na imposibleng maabot ang mga layunin dito?

4. Paano natin magagamit ang nakitang pagkakaiba noong nagbigay ng propesiya si Ezekiel sa hininga?

5. Ano ang pagkakaiba ng mga karanasanang kailangan natin "sa pagdating sa Diyos" at mga karanansang kailangan natin "sa pag-alis para sa Diyos"?

6. Ano ang mga dimensiyon ng ministeryo ng Espiritu kung saan dapat mong ipanalangin kapag ikaw ay nagmiministeryo? (Halimbawa, Ang Kanyang presensya at ministeryo sa loob natin, kasama natin, nangunguna sa atin at sa pamamagitan natin.)

7. Habang ibinibilang mo na seryoso ang pangitain ni Ezekiel na ibabalik ang templo kung saan itinayo ito noong una pa, ano ang kailangang mangyari upang ito ay matupad, kung titingnan mo ngayon ay nakatayo ang pangatlong pinaka-sagradong templo ng Islam (The Dome of the Rock) sa mismong lugar na iyon?

Ang Mga Mananampalataya
Laban sa Mga Taga-Babilonia

Kabanata 11
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 71

Layunin: Upang maunawaan ang aklat ng Daniel at paano ang kanyang pananampalataya ay nagpalaya sa kanya at pinarangalan ang Diyos.

"Ang sabi ni Daniel: "Purihin magpakailanman ang pangalan ng Diyos, pagkat siya'y marunong at makapangyarihang lubos. Siyang nakakapagbago ng mga kapanahunan, naglalagay at nag-aalis ng mga hari sa luklukan; siyang nagbibigay ng karunungan sa matatalino at kaalaman sa may pang-unawa. Naghahayag ng mga lihim at kahiwagaan; nakatatalos sa mga nasa kadiliman, sapagkat ang kaliwanagan sa kanya'y nananahan. Pinupuri ko kayo at pinasasalamatan, O Diyos ng aking mga magulang, dahil sa kaloob ninyo sa aking lakas at karunungan, ngayo'y ibinigay ninyo sa akin ang aking kahilingan, panaginip ng hari sa ami'y ipinaalam."

—Daniel 2:20-23

Ang aklat ng Daniel ay isa sa apat na pangunahing propeta (major prophet). Si Daniel at ang tatlo niyang kaibigan ay pinadala sa Babilonia dahil sila ay matatalinong mga bata na nais ng hari na pag-aralin sila sa unibersidad ng Babilonia. Ginamit ng Diyos ang utos ng hari upang mailagay sila ng Diyos sa tamang lugar sa Babilonia kung saan inihanda sila na mag-ministeryo para sa mga nabihag noong dumating sila. Matapat si Daniel sa Diyos sa gitna ng napakahirap na sitwasyon sa lupaing banyaga, kahit magdadala sa kanya ang kanyang pagsunod sa bingit ng kamatayan. Gumawa ng milagro ang Diyos sa pamamagitan ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan na nagpakita sa mga taga-Babilonia na ang Diyos ay totoo at makapangyarihan.

Nahahati sa dalawang bahagi ang aklat ng Daniel: kabanatang 1-6, mga pagsasalaysay ng kasaysayan, at 7-12 kapahayaga ng propesiya. Si Ezekiel, Juan, at Daniel ay nagbigay ng propesiya sa huling panahon at silang lahat ay mga propeta na pinatapon. Ang buhay ni Daniel ay napaka-gandang halimbawa sa pamumuhay na matapang, dalisay, at maka-diyos sa gitna ng mapanganib na lugar bagama't siya ay 14 na taong gulang lamang.

1. Tama o Mali? Nadala si Daniel sa Babilonia sa unang pagbagsak ng Jerusalem, kung saan kakaunti lamang ang mga taong nabihag.

2. Tama o Mali? Matandang tao na si Daniel noong makarating siya sa Babilonia.

3. Tama o Mali? Ang pagbagsak ng Jerusalem ay nagpapakita na kahit ang Diyos ay hindi kayang talunin ang Babilonia.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Ano ang kasama sa aklat ng Daniel?
    a. Mga kasaysayan lamang
    b. Mga hula lamang sa huling panahon
    c. Mga alamat lamang tungkol sa sinaunang bayani na ang pangalan ay Daniel
    d. Pangyayari sa kasaysayan sa panahon ng pagkabihag at mga propesiya tungkol sa kasalukuyan at hinaharap na pangyayari.

5. Bakit tinanggihan ni Daniel na kainin ang pagkain ng mga Babilonia?
    a. Inisip niya na baka may lason ito.
    b. Naging masunurin siya sa tuntunin ng Diyos ukol sa pagkain.
    c. Nag-ayuno siya bilang protesta laban sa pagkabihag.
    d. Nanghina ng lubos ang kanyang loob kaya nawalan siya ng gana.

6. Itugma si Daniel at ang pangalan ng kanyang tatlong kaibigan kasama ang kahulugan nila sa Biblia.

a. Daniel	____	i. Si Yahweh ay mabiyaya
b. Hananiah	____	ii. Tulong ni Yahweh
c. Mishael	____	iii. Ang Diyos ang aking hukom
d. Azariah	____	iv. Sino ang tulad ng Diyos

7. Paano sinubukan ni haring Nabucodonosor na baguhin ang pagkatao ni Daniel at ang tatlo niyang kaibigan?
    a. Binigyan sila ng bagong pangalan na galing sa mga diyos-diyosan ng Babilonia.
    b. Pinatay niya lahat ng angkan nila upang mawala ang kanilang kaugnayan sa nakaraan.
    c. Inampon sila sa maharlikang pamilya.
    d. Hinikayat sila na ang kultura ng Babilonia ay higit na mataas kaysa sa mga Hudyo.

8. Bakit ang ikaapat na kabanata ng Daniel ay hindi karaniwan?
    a. Ito lamang ang kabanata na si Daniel ang sumulat mismo.
    b. Idinagdag ng mga eskriba ito daang taon ang nakalipas na.
    c. Hinulaan ang eksaktong araw ng pagbabalik ni Jesus.
    d. Ito ay kapahayagan ng pananampalataya ni haring Nabucodonosor, na sumulat ng isang bahagi nito.

9. Bakit ang paghingi ni Nabucodonosor ng pagbibigay kahulugan sa panaginip ay hindi makatwiran?
    a. Walang sinumang hari ang humingi ng pakahulugan sa mga panaginip kailan man.
    b. Hiningi ni Nabucodonosor na ang mga pantas na tao ay sabihin muna ang kanyang panaginip pagkatapos bigyan ito ng kahulugan.
    c. Ang mga pantas ay hindi kumuha ng kurso sa pagbibigay kahulugan.
    d. Alam niya na wala naman talagang kahulagan ang mga panaginip.

10. Paano hinarap ni Daniel ang malaki, mahirap, hindi maiwasan, at imposibleng mga paghamon? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Nanalangin siya sa Diyos at hiniling din niya ang kanyang mga kaibigan na manalangin din.
    b. Ipinamalas niya ang kanyang pananampalataya sa pamamagitan ng lubos na pagtitiwala sa Diyos.
    c. Kinilala niya ang Diyos na tanging pinagmumulan ng pag-asa at binigyan niya Siya ng karangalan.
    d. Naunawaan niya na may layunin ang Diyos kung bakit inilagay siya sa krisis na iyon.

11. Ano ang naging reaksiyon ng hari sa pakahulugan ni Daniel?
    a. Inutos niya na bitayin siya.
    b. Nagdisisyon siya na ang panaginip ay hindi na mahalaga.
    c. Tinawag niya si Daniel “isang tao kung saan nasa kanya ang Diyos.”
    d. Binigyan ng gantimpala si Daniel na bumalik sa Jerusalem.

12. Ano ang batas sa Babilonia na ayaw sundin ni Daniel?
    a. Ang batas na di pinapayagang manalangin sa Diyos kundi sa hari lamang
    b. Ang batas na kailangan magbayad ng buwis sa hari
    c. Na kailangan ang bawat isa ay magkaroon ng pangalang Babilonia
    d. Na kailangang parangalan ang maka-diyos na mga leon

13. Ano ang itinuturo sa atin ni Daniel tungkol sa sitwasyong imposible?
    a. Hindi talaga natin maintindihan ang kalooban ng Diyos.
    b. Gumagamit ng imposibleng sitwasyon ang Diyos upang isara ang pintuan ng oportunidad para sa atin.
    c. Ang kapangyarihan ng Diyos ay limitado sa iilang sitwasyon.
    d. Walang imposible para sa mga taong nananahan ang Espiritu ng Diyos.

Naniniwala ka ba na may ganap na kapangyarihan ang Diyos sa imposibleng sitwasyon? Bakit o bakit hindi? Kapag ikaw ay dumaraan sa krisis o mga paghamon sa buhay, paano ang paniniwalang iyon ay gagabay sa iyong pananalangin?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na Siya ay Diyos ng imposible. Kung ikaw ay humaharap sa imposibleng sitwasyon, hingin na ipakita ang Kanyang kapangyarihan at pag-ibig sa iyo at sa pamamagitan mo sa ganoong sitwasyon. Manalangin katulad ni Daniel na maging matapat ka at lumago ang iyong pananampalataya ng matibay bawat araw.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Ipaliwanag kung bakit inilagay ng Diyos si Daniel at ang mga kasama niya sa tamang lugar sa Babilonia bago pa ang malakihang pagkabihag.

2. Paano ipinapakita ni Daniel ang paraan ng pamumuhay bilang mananampalataya sa kultura ng Babilonia?

3. Ano ang maliwanag na gamit nito sa iyo bilang mananampalataya na nabubuhay parang katulad ng kulturang sekular ng Babilonia?

4. Paano ang mga binibigyang halaga sa espirituwal ni Daniel ay nagdulot ng posibiblidad sa kanya na mamuhay bilang mananampalataya sa larangan ng politiko sa Babilonia ay maging kagamit-gamit sa iyo ngayon? (Totoo talagang naniwala siya sa kapangyarihan ng Diyos, Kalinga ng Diyos at panalangin.)

5. Paano mo magagamit ang tinayuan ni Daniel na tumanggi na kainin ang maruruming pagkain sa Babilonia?

6. Ano ang maliwanag na maaari mong magamit sa paniniwala ni Daniel noong sinabi niya sa opisyales na sasabihin niya sa hari ang kanyang panaginip at bibigyan pa ito ng kahulugan, bagama't sa totoo lang ay wala siyang kaalam-alam sa panaginip ng hari?

7. Noong ang mga pantas sa Babilonia ay nagkasundo na, ang mga Diyos ay hindi nananahan sa mga tao at sinabi ni Daniel na ang Diyos na nananahan sa kanya ang nagpahayag sa kanya sa panaginip at kahulugan nito, mula noon binansagan siya ng hari kung saan ang Espiritu ng Diyos ay nakatira. Paano mo iiuugnay ang pananampalataya ni Daniel, na ang Diyos na nakatira sa atin ay magbibigay ng pagkakaiba?

Naniniwala Ang Babilonia

Kabanata 12
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 72

Layunin: Upang maunawaan ang konteksto ng ministeryo ni Daniel sa kasaysayan at ano ang malaking naidulot nito sa Babilonia.

"Buong kagalakang ipinapahayag ko sa inyo ang mga kababalaghan at himala na ipinakita sa akin ng Kataas-taasang Diyos. "Ang kanyang kababalaghan ay kamangha-mangha at kagila-gilalas ang mga himala! Walang hanggan ang kanyang kaharian; kapangyarihan niya'y magpakailanman."

—Daniel 4:2-3

Sa panahon ni Daniel ang Babilonia ay hindi lamang ang pangunahing lungsod sa buong mundo, kundi naghari ito bilang pinaka-makapangyarihang emperyo sa panahon na iyon. Ang hari, si Nabucodonosor ay makapangyarihan at mapagmataas na pinuno. Ngunit sa pamamagitan ni Daniel, ang kanyang pagiging maka-diyos at ministeryo sa pagbibigay ng kahulugan sa panaginip, nabigyan ng halimbawa ang Babilonia at si Nabucodonosor ng kapangyarihan ng Diyos. Ang pinaka-pambihirang milagro sa Kasulatan ay ang pagbabagong loob ni Nabucodonosor, isa sa mga hindi mo inaasahang lalapit sa Diyos. Imbis na ang mga Hudyo ang magiging tulad ng mamamayan ng Babilonia, tulad ng nais ng hari sa una pa, ang hari at ang mamamayan ng Babilonia ay naniniwala sa Diyos ni Daniel—ang Isang Tunay na Diyos. Pagkatapos mahubaran ng pagkamataas na loob ng hari, kinilala ni Nabucodonosor ang Diyos bilang tanging may karapatan na mamuno sa lahat ng mga kaharian sa mundo.

1. Tama o Mali? Sa maraming paraan, ang aklat ng Daniel ay isang ma-dramang palabas.

2. Tama o Mali? Ang Babilonia ay maliit at malayong lungsod lamang noong panahon ni Daniel.

3. Tama o Mali? Ang mamamayan sa Babilonia ay hindi mga relihiyosong mga tao; halos wala kang makikitang mga templo sa kanilang lungsod.

4. Tama o Mali? Ang tatlong kaibigan ni Daniel ay hindi natakot na mapatapon sa nagbabagang hurno dahil alam nila na iingatan sila ng Diyos.

5. Tama o Mali? Ang emperyo ng Babilonia ay nanatiling makapangyarihan sa panahon ni Daniel.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

6. Alin sa mga sumusunod ang lubos na naglalarawan sa pangitain ni Daniel?
    a. Sila ay madaling maunawaan.
    b. Kakaunti ang mga simbolo nila.
    c. Naglalaman sila ng mga misteryosong imahen at simbolo.
    d. Imposible silang mabigyan ng kahulugan.

7. Ano ang nangyari sa tatlong lalaki na tumangging sumamba sa higanteng statwang ginto ng Haring Nabucodonosor?
    a. Sila ay pinabitay sa publiko.
    b. Ipinatapon sila sa hurno, ngunit iningatan sila ng Diyos.
    c. Di kalaunan ay nagbago ang kanilang mga isip at sila ay yumuko dito.
    d. Pinakulong sila habang buhay.

8. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahusay na larawan ng paghahari ni Nabucodonosor?
    a. Mayroon siyang malawak at ganap na kapangyarihan. Magagawa niya lahat ng nais niya.
    b. Mahina siyang hari na laging nag-aalala na aalisin siya sa trono.
    c. Siya ay mabait at mapagbigay sa kanyang paghahari.
    d. Wala sinuman sa kanyang kaharian ang may galang sa kanyang pagiging hari.

9. Ano ang kumakatawan sa apat na bahagi ng estatwa sa panaginip ng hari?
    a. Ang pang-matagalang paghahari sa lahat sa hilaga, timog, silangan, at kanluran.
    b. Si Daniel at ang tatlo niyang kaibigan.
    c. Mayroon na lamang nalalabing apat na taon sa kanyang paghahari.
    d. Apat na kaharian na sunod-sunod: Babilonia, Persia, Greece, at Roma.

10. Ano ang paniniwala ni Nabucodonosor tungkol sa Diyos?
    a. Hindi siya naniwala sa Diyos kahit minsan.
    b. Naniwala siya na siya ang Diyos.
    c. Naniwala siya sa iisang totoong Diyos.

d. Una, siya ay naniniwala sa diyos ng Babilonia (at ang sarili niya), pagkatapos nanampalataya siya sa totoong Diyos.

11. Paano inalis ng Diyos ang pagiging mapagmalaki ng hari at turuan siya na kilalanin ang kaluwalhatian ng Diyos?
    a. Ginawang baliw ang hari sa loob ng pitong taon.
    b. Hinayaan Niyang lumaban ang mga hudyo at talunin siya.
    c. Binigyan ng ketong ang hari.
    d. Ipinatapon ang hari sa Jerusalem.

Sa paanong paraan kumilos ang Diyos sa iyong buhay upang tulungan kang maniwala sa Kanya? Sa paanong paraan mo nakikita na kumikilos siya sa buhay ng ibang tao na hindi pa nakakakilala sa Kanya? Paano ka mananalangin para sa kanila at ibahagi ang pananampalataya mo sa kanila?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos na kumikilos siya anuman ang kailangan upang bigyan tayo ng pagkakataon na maniwala sa Kanya. Pasalamatan siya sa milagro ng kanyang awa at kapahayagan at manalangin na magdadala pa Siya ng marami sa Kanyang kaharian. Tulad ni Daniel, ipagkaloob mo ang iyong buhay sa Kanya, ipangako mo sa iyong puso na hindi mo dudumihan ang iyong sarili ng mga bagay ng mundo, at kilalanin ang Kanyang buong kapangyarihan bilang Panginoon ng iyong buhay.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Paano mo magagamit ang dakilang milagro sa kabanatang 4, na si Nabucodonosor ay naniwala sa Diyos ni Daniel dahil sa nangyari sa kanila noong 14 na taon pa lamang si Daniel?

2. Ano ang antas ng iyong pananampalataya sa mungkahi na, kapag ginusto ng mga taga Babilonia na ikaw bilang mananamapalataya ay magiging tulad ng mamamayan ng Babilonia, ay maaari kang tumugon na sila bilang mamamayan ng Babilonia ay magiging mananampalataya?

3. Ano ang tugon mo at paano mo magagamit sa pananampalataya nang si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay tumangging yumuko sa estatuwa ni Nabucodonosor na itinayo ni Nabucodonosor upang siya mismo ay sambahin?

4. Paano mo magagamit sa personal na buhay ang ginawang pagbasag ng Diyos sa pagmamataas ni Nabucodonosor? *(Isaalang-alang ang Mateo 5:3-4)*

5. Paano mo magagamit ang katiyakan ni Daniel na siyang nagbigay lakas loob sa kanya na tanggihan ang utos ng hari na huwag manalangin?

6. Paano mo magagamit ang pangungusap na ginamit ni Daniel sa pagtanggi na sundin ang batas?

7. Gaano kahalaga sa iyong buhay ang panalangin?

Ang Prioridad Sa Panalangin
Ng Isang Dakilang Propeta

Kabanata 13
Aralin sa Pakikinig: Pagmamasid sa Matandang Tipan Aralin 73

Layunin: Upang matuto ng ilang prinsipiyo sa pagbibigay kahulagan sa pangitain at kapahayagan sa propesiya ni Daniel.

"Patuloy ang aking pangitain. Nakita ko sa alapaap sa langit ang parang isang tao. Lumapit siya sa Nabubuhay Magpakailanpaman. Binigyan siya ng kapamahalaan, ng karangalan at ng kaharian upang paglingkuran siya ng lahat ng tao sa bawat bansa at wika. Ang pamamahala niya ay hindi magwawakas, at ang kanyang kaharian ay hindi mawawasak."

—Daniel 7:13-14

Maraming pangitain si Daniel na masyadong simboliko at kung minsan ay mahirap maunawaan. Mayroon siyang panaginip tungkol sa apat na kaharian na magkatulad sa panaginip na kanyang binigyang kahulagan para kay haring Nabucodonosor, at pangitain ng 70 linggo na ipinahiwatig na oras para bumalik ang mamamayan ng Judah sa Jerusalem. Ang pangitain na iyon ay hula din sa pagdating ng Mesiyas na may ganap na katiyakan. Ang mahalagang dapat tandaan sa pangitain tulad ng pangitain ni Daniel ay ang dapat magtiwala sa Banal na Espiritu upang maunawaan ang mga ito—ngunit ganun paman, hindi tayo dapat sobrang pakasiguro sa ating pakahulugan. Dapat mapagkumbaba tayong humingi sa Banal na Espiritu kung ano ang sinasabi ng Kasulatan, ano ibig sabihin nito, at ano kahulugan nito sa atin. Kapag hinayaan natin ang Espiritu ng Diyos na maging tagapagturo natin, magsisimula tayong magkaroon ng pang-unawa sa Kanyang kalooban at kapamaraanan. Nagtapos ang Aklat ni Daniel katulad ng ibang mga propeta sa positibong tema. Sa kanyang propesiya na 70 linggo, nagbigay siya ng eksaktong hula sa pagdating ng Mesiyas at pasimula ng Kanyang Kaharian na magiging walang hanggan.

1. Tama o Mali? Kahit ang makasaysayang bahagi ng Daniel ay mahirap maunawaan.

2. Tama o Mali? Ang mga apokaliptong pangitain sa Biblia ay nagbibigay sa atin ng sulyap sa Diyos na hindi natin maaaring makuha sa natural na pang-unawa.

3. Tama o Mali? Ang panaginip ni Nabucodonosor tungkol sa apat na kaharian ay nagtapos sa walang hanggang kaharian ng Diyos na pinagtagumpayan ang mga ito.

Maliban na nabanggit, pumili ng isang sagot sa bawat tanong.

4. Ano ang kumakatawan sa apat na dakilang hayop sa pangitain ni Daniel?
    a. Apat na kaharian, tulad ng panaginip ni Nabucodonosor
    b. Apatnapung taong pagkabihag
    c. Ang apat na buhay na nilalang na nakita ni Ezekiel palitbot sa trono ng Diyos.
    d. Ang apat na major na propeta

5. Ayon sa panaginip at pangitain ni Daniel, gaano tatagal ang kaharian ng Diyos?
    a. Pitungpung taon
    b. Isang libong taon
    c. Hanggang sa katapusan ng mundo
    d. Magpawalang hanggan

6. Karaniwan ano ang kumakatawan sa sungay ng hayop ayon sa propesiya sa Biblia?
    a. Mga kaloob ng Diyos
    b. Galit at paghatol ng Diyos
    c. Kapangyarihan at mga kaharian
    d. Ang maka-hayop na likas ng tao

7. Alin sa mga sumusunod ang “katiyakan” ni Daniel na kung saan siya ay tumayo sa kanyang pananampalataya? *(piliin lahat ng akma)*
    a. Panalangin
    b. Ang malapit na pagdating ng Mesiyas
    c. Ang tiyak na kapangyarihan ng Diyos
    d. Ang layunin ng Diyos sa pagdala sa kanya sa Babilonya.
    e. Ang kapangyarihan ng panaginip
    f. Ang kataasang uri ng Babilonya kaysa ibang mga kaharian

8. Ano ang unang dahilan na natanto ni Daniel na ang pagkabihag ay nangyari na?
    a. Malakas na boses mula sa langit ang nagsabi sa kanya.
    b. Ang hari ng Persia ang nagsabi sa kanya na oras na.
    c. Binasa niya ang propesiya ni Jeremias
    d. Natutunan na nang mamamayan ang aral at naging lubos na silang makatuwiran.

9. Bakit ang dakilang panalangin ni Daniel ay huwaran para sa atin?
    a. Gumamit siya ng parehong mga salita na ginamit ni Jesus sa panalangin na itinuro niya sa mga alagad.
    b. Nagawa niyang sabihin sa Diyos kung ano ang dapat gawin ng Diyos.
    c. Nagpapakita kung paano magsisi upang makuha natin ang ating gusto.
    d. Nanalangin siya ayon sa kalooban ng Diyos at para sa kaluwalhatian ng Diyos.

10. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahusay na paglalarawan ng propesiya ni Daniel sa Mesiyas?
    a. Ito ang pinaka-tumpak na hula sa Lumang Tipan tungkol sa Mesiyas.
    b. Hindi ito malinaw kahit sino ay maaring tuparin ang mga iyon.
    c. Inilalarawan ang Mesiyas bilang matapang at galit na hari.
    d. Hinulaan na ang Mesiyas ay darating pagkatapos ng pagkabihag.

11. Ano ang kumakatawan sa malaking bato na hindi tinabas ng makataong mga kamay na sumira sa estatwa?
    a. Ang makapangyarihang kaharian ng Babilonya
    b. Ang emperyo ng Roma na babasag sa ibang mga kaharian.
    c. Masyadong komplikado; hindi natin masasabi kung ano ang ibig sabihin.
    d. Ang walang hanggang kaharian ng Mesiyas na sasakupin ang lahat.

12. Anong pangako ang ibinibigay ng propesiya sa huling panahon sa atin na nagtitiwala sa Diyos?
    a. Na hindi na tayo maghihirap sa buhay
    b. Na hindi na tayo matatalo sa mga labanan natin sa lupa
    c. Na magiging mayaman at makapangyarihan tayo hanggang sa dulo ng panahon
    d. Na sa kahuli-hulihan, tayo ay nasa panalong pangkat

Ikaw ba ay kasamang gumagawa sa kaharian ng Diyos kung saan masisiyahan ka sa bandang huli ng tagumpay dahil sa ibinigay mong kontribusyon dito? Kung hindi, ano ang magagawa mo sa linggong ito upang makatulong sa pagkapanalo ng kaharian ng Diyos?

_____

_____

_____

Pasalamatan ang Diyos sa kasiguruhan ng pag-asa na ang Kanyang mga tao ay nasa panalong kalagayan maging sa dulo ng kasaysayan. Hingin sa Kanya na bigyan ka ng pagkakataon na maglingkod ng may katapatan tulad ni Daniel. Manalangin na ang Kanyang kalooban ay mangyari at Siya ay maluluwalhati dahil sa iyong buhay. Manalangin na tulungan kang ibahagi ang magandang balita sa iba at laging bigyan Siya ng luwalhati.

Mas Malalim na Pag-aaral

1. Saang pananaw mo titingnan ang pangalawang kalahating bahagi ng aklat ng Daniel, na naglalaman ng kanyang pangitain sa hinaharap?

2. Ano ang espesyal sa 70 linggong propesiya ni Daniel?

3. Ano ang nagtulak kay Daniel na ipangaral ang dakilang propesiya tungkol sa Mesiyas?

4. Paano ang eksaktong pangitain tungkol sa Mesiyas ay magdadala sa atin upang magbigay ng dakilang paggalang sa maka-Bibliang propesiya?

5. Ano ang mga larawan ng apat na dakilang kaharian sa pangitain ni Daniel, at paano makakatulong sa atin ang kasaysayan na iyon sa ating pagbibigay kahulugan at gamit ng pangitain?

6. Bakit mahirap o imposibleng bigyan ng kahulugan ang mga pangitain na ito kung wala ang Banal na Espiritu bilang ating guro? (Isaalang-alang ang Juan 16:13, 1 Corinto 2:9-16)

7. Bakit nais ng Diyos na maunawaan natin ang mga mangyayari sa hinaharap?